

Araling Panlipunan

Kagamitan ng Mag-aaral

Yunit III

Ang aklat sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at/o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

Kagawaran ng Edukasyon
Republika ng Pilipinas

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang
Kagamitan ng Mag-aaral
Unang Edisyon 2015
ISBN: _____**

Paunawa hinggil sa karapatang-sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay sa isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (*publisher*) at mga may-akda ang karapatang-arang iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC

Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD

Direktor IV: Marilyn D. Dimaano, EdD

Direktor III: Marilette R. Almayda, Phd

Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral

Konsultant: Florisa B. Simeon

Tagasuri at Editor: Aurea Jean A. Abad

Mga Manunulat: Ma. Corazon V. Adriano, Marian A. Caampued,
Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P.
Miranda, Emily R. Quintos

Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino,
Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval

Illustrator: Peter D. Peraren

Layout Artist/Designer: Florian F. Cauntay, Belinda A. Baluca

Punong Tagapangasiwa: Anna Lourdes Abad-Falcon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)

Office Address: 5th Floor, Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072

E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

Paunang Salita

Sa pag-iral ng programang K–12, maraming mahahalagang pagbabago sa nilalaman at pamantayan sa pagkatuto sa Baitang 4. Pangunahin dito ang masusing pag-aaral tungkol sa bansang Pilipinas, na siyang pangkalahatang pokus ng baitang na ito.

Ang aklat na ito ay nahahati sa apat na yunit. Bawat yunit ay binubuo sa di kukulangin sa sampung aralin. Kabilang sa unang yunit ang tungkol sa sariling bansa na kinapapalooban ng mga aralin hinggil sa kinalalagyan ng Pilipinas, mga uri ng hayop at halamang naririto, at maging ang populasyon ng Pilipinas.

Nasa ikalawang yunit naman ang mga aralin na tumatalakay sa lipunan, kultura at ekonomiya ng bansa. Kalakip sa mga aralin dito ang mga produkto at hanapbuhay sa bansa, pangangasiwa sa mga likas na yaman ng bansa, pagsulong at pagpapaunlad ng kultura ng bansa, at likas kayang pag-unlad.

Nasa ikatlong yunit ang kaparaanan ng pamamahala sa bansa na magbibigay-alam sa mag-aaral hinggil sa pamahalaan ng Pilipinas, mga namumuno rito, at mga programang ipinatutupad para sa ikagagaling ng mga mamamayan.

Sa huling yunit ay ang pagtalakay sa pag-unlad ng bansa na kinapapalooban ng mga karapatan at tungkulin ng bawat isa at mga gawaing pansibiko na bahagi ng pakikipagtulungan ng mamamayan sa pamahalaan at kapuwa mamamayan.

Maliban sa talakayan, ang bawat aralin ay may mga gawain na higit na magpapaunlad sa kaalaman ng mga mag-aaral at upang gawing kasiya-siya ang pagtalakay sa aralin. May mga pagsusulit din sa katapusan ng bawat aralin upang mapagtibay ang natutunan ng mga mag-aaral.

Inaasahang sa pamamagitan ng aklat na ito ay malinang sa mga mag-aaral ang pagmamahal at pagmamalasakit di lamang sa lipunang Pilipino kundi gayundin sa kapuwa mamamayan nito.

Mga May-akda

Pasasalamat

Lubos na pasasalamat ang ipinararating sa lahat ng nag-ambag ng kanilang panahon at talento upang masulat at mabuo ang aklat na ito sa Araling Panlipunan para sa ikaapat na baitang.

Gayundin ang pasasalamat sa mga nag-review at nag-edit sa nilalaman ng aklat at nag-ayos sa kabuuang materyal upang mabuo ang aklat.

Sa mga konsultant, editor, layout artist, illustrator, ang aming pagpupugay sa inyong taos-pusong paggawa.

ANG PAMAMAHALA SA AKING BANSA 227

Aralin	1	Ang Pambansang Pamahalaan at Kapangyarihan ng Sangay Nito	228
	2	Mga Antas ng Pamahalaan	237
	3	Ang mga Namumuno sa Bansa.....	242
	4	Paraan ng Pagpili at Kapangyarihan ng mga Namumuno ng Bansa.....	249
	5	Paghihiwalay ng Kapangyarihan at Check and Balance sa mga Sangay ng Pamahalaan.....	257
	6	Epekto ng Mabuting Pamumuno sa Pagtugon ng mga Pangangailangan ng Bansa.....	262
	7	Kahulugan ng mga Simbolo at Sagisag ng Kapangyarihan ng Pamahalaan	268
	8	Mga Programang Pangkalusugan	273
	9	Mga Pamamaraan ng Pagpapaunlad ng Edukasyon sa Bansa	279
	10	Mga Programang Pangkapayapaan	284
	11	Paraan ng Pagtataguyod sa Ekonomiya ng Bansa	292
	12	Mga Programang Pang-impraestruktura ng Pamahalaan	298
	13	Tungkulin ng Pamahalan sa Pagtataguyod ng Karapatan ng Bawat Mamamayan	304
	14	Iba pang Gawain ng Pamahalaan para sa Kabutihan ng Lahat	312
	15	Pagtutulungan ng Pamahalaang Lokal at Iba pang Tagapaglingkod ng Pamayanan	321

DEPED COPY

Yunit III

Ang Pamamahala sa Aking Bansa



ARALIN 1

Ang Pambansang Pamahalaan at Kapangyarihan ng Sangay Nito



PANIMULA



Palasyo ng Malacañang

Natutunan mo sa nakaraang yunit ang tungkol sa lipunan, kultura, at ekonomiya ng bansa. Nalaman mo ang kahalagahan ng lipunan bilang yunit na kinabibilangan ng bawat mamamayan. Gayundin ang pag-alam sa mga kultura ng iba-ibang rehiyon na lalo pang nagpayaman sa iyong sariling kultura. Bunga rin ng mga katotohanang ito ang pag-unlad ng ekonomiya ng mga rehiyon at ng bansa. Ang mga ito ang tumutulong sa paghubog ng ating pagkamamamayang Pilipino.

Sa yunit na ito, pag-aaralan mo naman ang tungkol sa pamahalaan ng ating bansa, pati ang mga ahensiyang may kinalaman sa pagtiyak sa kapakanan ng bawat mamamayan. Gayundin, pag-aaralan ang mga kaakibat na tungkulin ng mga mamamayang tulad mo sa pamahalaang Pilipino.

Kaya, sa unang araling ito, inaasahang:

1. Matutukoy mo ang kahulugan ng pambansang pamahalaan
2. Matatalakay mo ang kahalagahan ng pambansang pamahalaan
3. Matatalakay mo ang mga kapangyarihan ng tatlong sangay ng pamahalaan



ALAMIN MO

Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan. Ang pamahalaan ng Pilipinas, na siya ring pambansang pamahalaan, ay isang uri o sistemang presidensiyal at demokratiko. Pinamumunuan at pinamamahalaan ito ng isang Pangulo na siyang puno ng bansa, katuwang ang pangalawang pangulo.

Ang pamahalaan ay may tatlong magkakaugnay na mga sangay: ang tagapagbatas, tagapagpaganap, at tagapaghukom. Tinatawag din ang mga sangay na ito na lehislatibo, ehekutibo, at hudikatura.

May kani-kaniyang kapangyarihan ang bawat sangay na nakapaloob sa Saligang Batas ng Pilipinas. Ang sangay na tagapagbatas ay nasa kapangyarihan ng Kongreso. Binubuo ito ng dalawang kapulungan: ang Mataas na Kapulungan o Senado at ang Mababang Kapulungan o Lupon ng mga Kinatawan.

Ang kapangyarihan ng sangay na tagapagpaganap ay nasa pamumunong Pangulosamantalang sangay ng tagapaghukom ay nasa mga hukuman. Nasa ilalim ng pangangasiwa ng Kataas-taasang Hukuman ang mabababang hukuman.

Sangay na Tagapagbatas

Ang *Sangay na Tagapagbatas* o ang Kongreso ang gumagawa ng mga batas ng bansa. May dalawang kapulungan ang sangay na tagapagbatas: ang mataas na kapulungan at ang mababang kapulungan. Ang Senado ay ang mataas na kapulungan at ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay ang mababang kapulungan.

Bukod sa paggawa ng mga batas, nakasalalay rin sa Kongreso ang pagsasagawa ng mga imbestigasyon at pananaliksik para makatulong sa kanilang mga gagawing batas. Ito rin ang nagsasaysay na ang bansa ay nasa estado ng pakikipagdigmaan. Sa ganitong kalagayan, maaaring pagkalooban ng Kongreso ang Pangulo ng kapangyarihan para maisakatuparan ang mga



Senado ng Pilipinas



Kongreso ng Pilipinas

pambansang patakaran. Ang pambansang badyet ay dumadaan din sa pagsusuri ng sangay na tagapagbatas.

Ang mga kapulungan ng sangay na tagapagbatas ay may mga espesyal na kapangyarihan. Halimbawa, ang pagpapatibay ng mga kasunduan ng Pilipinas sa ibang bansa ay isang kapangyarihan ng Senado at ang pagsasampa naman ng kasong *impeachment* o pagkatanggal sa puwesto ng mataas na opisyal ay kapangyarihan ng Kapulungan ng mga Kinatawan.

Sangay na Tagapagpaganap

Ang Sangay na Tagapagpaganap ang tumitiyak na ang mga batas na ginawa ng Kongreso ay naipatutupad upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan. Pinamumunuan ng Pangulo ang sangay na ito. Kaagapay niya sa pagpapatupad ng mga batas ang Gabinete na binubuo ng mga Kalihim ng iba't ibang ahensiya.



Palasyo ng Malacañang

Batay sa Konstitusyon, ang Pangulo, alinsunod sa pagsangayon ng Komisyon sa Paghirang, ang may kapangyarihang humirang ng mga puno ng mga kagawaran, embahador, konsul, may ranggong kolonel sa sandatahang lakas,

at iba pang mga opisyal ayon sa isinasaad sa Konstitusyon. Bilang punong komander ng sandatahang lakas ng bansa, maaaring iatas ng Pangulo ang pagsupil sa anumang karahasan, pananalakay, o paghihimagsik; at isailalim ang bansa sa batas militar.

Taglay rin ng Pangulo ang *veto power* o ang kapangyarihang tanggihan ang isang panukalang batas na ipinasa ng Kongreso. Siya rin ang pumipili ng punong mahistrado ng Korte Suprema, gayundin sa mabababang hukuman, mula sa talaan ng *Judicial Bar Council*.

Sangay na Tagapaghukom

Ang *Sangay na Tagapaghukom* ang sangay na nagbibigay ng interpretasyon ng batas. Ang kapangyarihang panghukuman ay nasa ilalim ng Kataas-taasang Hukuman o Korte Suprema at mabababang hukuman. Sa Korte Suprema dumudulog ang sinumang tao na hindi sumasang-ayon sa anumang desisyon ng mabababang hukuman, maging ang dalawang sangay ng pamahalaan kung may tanong tungkol sa legalidad ng batas.

Mahalaga para sa isang bansa ang isang pambansang pamahalaan dahil ito ang nangunguna sa pagbabalangkas ng pamamaraan ng pamamalakad at pamamahala sa bansa. Gayundin, ito ang namumuno sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto para sa mga nasasakupan nito. Bumubuo ang pamahalaan ng mga programa sa iba-ibang larangan na karaniwang nababatay sa mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan. Ang pambansang pamahalaan din ang tumitiyak na maunlad ang ekonomiya ng bansa. Kung kaya, ang pamahalaan din ang nangangasiwa sa pambansang badyet.

Tinitiyak din ng pambansang pamahalaan na ang karapatan ng mga



Kataas-taasang Hukuman


mamamayan ay napangangalagaan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga serbisyong pangkabuhayan, pangkalusugan, pangkultura, pansibil, at pampolitika. Kahit nasa labas ng bansa ang isang mamamayang Pilipino, may mga kaparaanan ang pamahalaan upang tiyakin ang kanilang kaligtasan laban sa pananamantala.



GAWIN MO

Gawain B

Tingnan ang dayagram. Isulat sa loob ng maliliit na bilog ang kahalagahan ng pambansang pamahalaan.




Gawain B

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang mga sangay ng pamahalaan?
2. Ano ang mga kapangyarihan ng tatlong sangay ng pamahalaan?

Gawain C

Tingnan ang tsart. Itala sa labas ng kahon ang kapangyarihang taglay ng bawat sangay. Kasunod nito, isulat kung sino ang kasalukuyang pinuno ng bawat sangay ng pamahalaan.





TANDAAN MO

- Ang Pilipinas ay may pambansang pamahalaan na pinamumunuan ng Pangulo ng bansa.
- Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan. Ang pamahalaan ng Pilipinas, na siya ring pambansang pamahalaan, ay isang uri o sistemang presidensiyal at demokratiko. Pinamumunuan at pinamamahalaan ito ng isang Pangulo na siyang puno ng bansa, katuwang ang pangalawang pangulo.
- Mahalaga ang pamahalaan dahil ito ang namumuno sa pagpapatupad ng mga programa para sa nasasakupan.
- Ang pambansang pamahalaan ay binubuo ng sangay na tagapagpaganap, sangay na tagapagbatas, at sangay na tagapaghukom.
- Ang tatlong sangay ng pamahalaan ay ang tagapagbatas, tagapagpaganap, at tagapaghukom.
- Ang sangay na tagapagpaganap ang nagpapatupad ng mga batas.
- Ang sangay na tagapagbatas ay ang kongreso ng ating bansa na siyang gumagawa ng mga batas. Ito ay may dalawang kapulungan: ang Senado na mataas na kapulungan at ang Kapulungan ng mga Kinatawan ng mababang kapulungan.
- Ang sangay na tagapaghukom ang nagbibigay-kahulugan sa mga batas ng bansa.



NATUTUHAN KO

- I. Sagutin ng tama o mali. Kung mali, isulat ang salita o mga salitang nagpamali rito at itama ito. Isulat ang mga sagot sa notbuk.
1. Nasasakupan ng pambansang pamahalaan ang buong bansa.
 2. May dalawang sangay ang pambansang pamahalaan ng Pilipinas.
 3. Ang sangay na tagapagbatas ay binubuo ng mga piling hurado.
 4. Pinamumunuan ng Pangulo ng bansa ang sangay na tagapagpaganap.
 5. Magkakaugnay ang lahat ng mga sangay ng pambansang pamahalaan.
 6. Ang sangay na tagapaghukom ay kinabibilangan ng mga mambabatas.
 7. Ang pambansang pamahalaan ay nangunguna sa pagbabalangkas at pagpapatupad ng mga programa para sa mga mamamayan.
 8. Nahahati sa dalawang kapulungan ang sangay na tagapagbatas.
 9. Ang pamahalaan ng Pilipinas ay siya ring tinatawag na pambansang pamahalaan.
 10. Tinitiyak ng pambansang pamahalaan ang kapakanan ng mga mamamayan nito maging yaong mga nasa ibang bansa man.

II. Hanapin sa hanay **B** ang inilalarawan sa hanay **A**. Isulat ang letra ng tamang sagot sa notbuk.

A

1. Gumagawa ng mga batas pambansang pamahalaan
2. Nangangasiwa sa edukasyon sa mga pribado at pampublikong paaralan
3. Nangangasiwa sa seguridad ng bansa
4. Nagpapatupad ng mga batas
5. Nangangasiwa sa tustos ng kuryente
6. Namamahala sa ugnayang panlabas ng bansa
7. Nangangalaga sa mga likas na yaman
8. Nangangalaga sa kapakanan ng mga manggagawa
9. Nangangasiwa sa kapakanang pangkalusugan ng mga mamamayan
10. Nagpapatupad ng mga programang may kinalaman sa reporma sa lupa

B

- A. Kagawaran ng Edukasyon
- B. Kagawaran ng Enerhiya
- C. Kagawaran ng Tanggulang Pambansa
- D. Kagawaran ng Kalusugan
- E. Kagawaran ng Repormang Pansakahan
- F. Sangay na Tagapagpaganap
- G. Kagawaran ng Paggawa at Empleyo
- H. Kagawaran ng Likas na Yaman at Kapitaligiran
- I. Kagawaran ng Ugnayang Panlabas
- J. Sangay na Tagapagbatas
- K. Kagawaran ng Turismo

ARALIN 2

Mga Antas ng Pamahalaan



PANIMULA


May mga pagkakataong mabagal ang pagtugon o hindi agad natutugunan ng pamahalaan ang pangangailangan ng kaniyang mga mamamayan. Ano kaya ang maaaring dahilan nito? May kinalaman kaya ang uri ng pamahalaan sa bagal o bilis ng pagtugon sa pangangailangan?

Tutuklasin natin sa araling ito ang mga detalye tungkol sa uri ng ating pamahalaan, partikular na ang mga antas ng pamahalaan. Sa gayon, mabibigyang-katuwiran natin ang mga aksiyon na ginagawa ng mga namumuno sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mamamayan.



ALAMIN MO

Ang pamahalaan ng Pilipinas ay maaaring hatiin ayon sa kung gaano kalawak ang sakop ng pangasiwaan ng mga namumuno. Kung ang sakop nito ay mga lalawigan, lungsod,



bayan, at barangay, ito ay nasa antas na lokal na pamahalaan. Ang buong bansa naman ay nasa antas na pambansa.

Sakop ng antas na pambansang pamahalaan ang tatlong sangay na tinalakay sa nakaraang aralin—ang mga sangay na tagapagbatas, tagapagpaganap, at tagapaghukom.

Ang pamahalaang lokal ayon sa itinatadhana ng Batas Republika Blg. 7160 ay binubuo ng mga lalawigan, lungsod, bayan, at barangay. Ang mga lalawigan ay nasa ilalim ng pamumuno ng gobernador katulong ang bise gobernador na inihalal ng mga tao at ilang opisyal na hinirang ng gobernador ayon sa itinatadhana ng serbisyo sibil.

Ang alkalde at bise alkalde ang namumuno sa lungsod o bayan katulong ang mga empleyado na hinirang ng alkalde. Ang barangay ay nasa pamumuno ng kapitan ng barangay.

Ang sangguniang panlalawigan, sangguniang panlungsod, sangguniang pambayan, at sangguniang pambarangay ay mga sangay na lehislatibo sa lokal na antas ng pamahalaan. Gawain ng mga ito ang pagbuo ng mga ordinansa para sa nasasakupan.

Ang Pangulo ang may pangkalahatang pangangasiwa sa mga pamahalaang lokal sa pamamagitan ng Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan o *Department of the Interior and Local Government* (DILG).

Mga Batayan ng Antas ng Lokal na Pamahalaan

Ang isang lugar para maging lalawigan ay kailangang may sukat na 2000 kilometro kuwadrado o higit pa, may di kukulangin sa 250 000 bilang ng mamamayan na naninirahan dito, at may kakayahang kumita ng hindi bababa sa 20 milyong piso bawat taon.

Para maging lungsod, ang isang lugar ay dapat na may sukat ng lupa na aabot o higit pa sa 100 kilometro kuwadrado, may 150 000 bilang ng taong naninirahan, at taunang kita na di bababa sa 20 milyong piso.

Ang hinihingi namang pamantayan para maging isang bayan ay sukat ng lupa na may 50 kilometro kuwadrado, 25 000 bilang ng taong naninirahan sa lugar, at taunang kita na 2.5 milyong piso.

Sa buong Metro Manila, ang Pateros na lamang ang hindi lungsod sapagkat hindi nito kayang tugunan ang isang pamantayan ng konbersiyon ng isang bayan para maging lungsod. Ito ay ang sukat ng lupa nito. Maliit ang lupa na sakop ng bayan para maging lungsod.

Ang mga lalawigan, lungsod, at bayan ay hindi maaaring baguhin kung walang batas na pinagtibay para dito. Kailangan din itong may pagsang-ayon ng mga mamamayan sa pamamagitan ng isang halalan.

Sa paglikha naman ng barangay, ang sangguniang panlalawigan ang nagpapasa ng ordinansa para dito.



GAWIN MO

Gawain A

Ipakita ang balangkas ng mga antas ng pamahalaan.

Gawain B

Kopyahin ang tsart. Pumili ng tatlong pamahalaang lokal. Punan ang hinihingi ng tsart.

Pamahalaang Lokal	Kita	Populasyon	Sukat ng Lupa

Gawain C

Tukuyin kung pambansa o lokal na antas ng pamahalaan ang may saklaw ng sumusunod na mga sitwasyon. Isulat sa notbuk.

1. ugnayang panlabas
2. koleksiyon ng basura
3. mga asong pagala-gala
4. pagtatayo ng mga paaralan
5. pagpapataw ng parusa sa taong nagkasala



TANDAAN MO

- Ang antas ng pamahalaan ay nahahati sa dalawa: ang lokal at pambansang antas.
- Saklaw ng pambansang antas ang buong bansa na kinabibilangan ng tatlong sangay ng pamahalaan.
- Saklaw ng pamahalaang lokal ang mga lalawigan, lungsod, bayan, at barangay.



NATUTUHAN KO

Hanapin sa hanay **B** ang inilalarawan sa hanay **A**. Isulat ang letra ng sagot sa notbuk.

A

1. Pinakamaliit na politikal na yunit
2. May kitang 20 milyon o higit pa
3. Tawag sa lehislatibong sangay ng lalawigan
4. lehislatibong sangay sa bayan
5. Namumuno sa bayan o lungsod
6. Namumuno sa lalawigan
7. Pinuno sa barangay
8. May lawak na lupain na 100 kilometro kuwadrado
9. Punong ehekutibo ng bansa
10. Ahensiyang nangangasiwa sa mga lokal na pamahalaan

B

- A. Alkalde
- B. Barangay
- C. Kapitan
- D. Lalawigan
- E. Lungsod
- F. Sangguniang Pambayan
- G. Sangguniang Panlalawigan
- H. Pangulo
- I. Gobernador
- J. Kagawaran

ARALIN 3

Ang mga Namumuno sa Bansa



PANIMULA

Ang bawat bansa ay pinamumunuan ng isang lider na siyang nagbibigay ng direksiyong politikal at may kontrol sa mga gawain ng kaniyang mga miyembro, maging ng mga mamamayan, komunidad, at buong estado. Sino-sino ba ang mga namumuno sa ating bansa?

Sa araling ito, inaasahang matutukoy mo ang mga namumuno sa ating bansa.



ALAMIN MO

Tulad ng nabanggit sa nakaraang aralin, nahahati sa tatlong sangay ang pamahalaan ng Pilipinas—ang tagapagpaganap, tagapagbatas, at tagapaghukom. May kani-kaniyang saklaw na gawain ang bawat sangay. Magkagayon man, iisa at nagkakaisa sila sa layunin na pagpapaunlad ng bansa at mamamayan nito.

Sangay na Tagapagpaganap

Ang sangay na tagapagpaganap ay binubuo ng Pangulo, Pangalawang Pangulo, at gabinete ng bansa. Pinamumunuan ng Pangulo ang sangay na ito. Bilang Pangulo, siya ang tumatayong pinuno ng estado, pinuno ng pamahalaan, at punong kumander ng Sandatahang Lakas. Bilang puno naman ng estado, kinakatawan niya ang bansa sa iba pang mga bansa sa daigdig. Ang opisyal na tanggapan ng Pangulo ay sa Malacañang.

Ang pangalawang pangulo naman ay maaaring pumalit sa Pangulo kung ito ay mamatay o hindi na karapat-dapat sa kaniyang tungkulin. Sa paghalili sa Pangulo, ang pangalawang pangulo ang gumaganap ng mga tungkulin na iniwan ng Pangulo.

Mga Ahensiya sa Ilalim ng Sangay na Tagapagpaganap

Sa ilalim ng sangay na tagapagpaganap na pinamumunuan ng Pangulo ay ang gabinete na binubuo ng iba't ibang ahensiya o kagawaran. Ang bawat kagawaran ay pinamumunuan ng isang Kalihim na katulong ng Pangulo sa pagpapatupad ng mga pambansang programa at proyekto. Narito ang mga kagawaran ng pamahalaan:

Kagawaran ng Agrikultura (*Department of Agriculture, DA*). Ito ang nangangasiwa sa mga usapin at programa hinggil sa agrikultura ng bansa.

Kagawaran ng Edukasyon (*Department of Education, DepEd*). Ito ang nangangasiwa at nagpapatupad ng mga programa sa edukasyon sa bansa maging publiko man o pribadong paaralan.

Kagawaran ng Paggawa at Empleyo (*Department of Labor and Employment, DOLE*). Tungkulin ng kagawarang ito na pangalagaan ang kapakanan ng mga manggagawa sa loob o labas man ng bansa. Gayundin ang pagpapatupad ng mga batas sa paggawa.

Kagawaran ng Pananalapi (*Department of Finance, DOF*). Ito ang nangangasiwa sa mga usaping may kinalaman sa pananalapi ng bansa.

Kagawaran ng Katarungan (*Department of Justice, DOJ*). Ito ang nangangasiwa sa mga usaping may kaugnayan sa hustisya gaya ng pagkakaloob ng payong legal sa mga usapin sa pamahalaan, at pagkakaloob ng *parole* o ang pansamantala o lubos na paglaya ng isang bilanggo.

Kagawaran ng Ugnayang Panlabas (*Department of Foreign Affairs, DFA*). Lahat ng mga usapin sa ugnayang panlabas ng bansa maging ang kapakanan ng mga mamamayang Pilipino sa labas ng bansa ay pinangangasiwaan ng kagawarang ito.

Kagawaran ng Pagawaing Pambayan at Lansangan (*Department of Public Works and Highways, DPWH*). Ang pangangasiwa sa mga programang impraestruktura tulad ng mga gusali, daan, at tulay ay nasa ilalim ng kagawarang ito.

Kagawaran ng Tanggulang Pambansa (*Department of National Defense, DND*). Ito ang naatasang manguna sa pangangasiwa at pangangalaga sa seguridad ng bansa.

Kagawaran ng Kalusugan (*Department of Health, DOH*). Ang ahensiyang ito ang nangunguna sa pangangalaga sa kapakanang pangkalusugan ng mga mamamayan ng bansa.

Kagawaran ng Industriya at Kalakalan (*Department of Trade and Industry, DTI*). Ang mga usapin hinggil sa pagpapaunlad ng kalakalan at industriya ng bansa ay pinamumunuan ng ahensiyang ito. Maging ang pagtiyak sa tamang presyo ng mga bilihan ay pinangangasiwaan nito.

Kagawaran ng Panlipunang Paglilingkod at Pagpaunlad (*Department of Social Welfare and Development, DSWD*). Ang ahensiyang ito ang nangangasiwa at nagkakaloob ng iba't ibang serbisyong panlipunan lalo na sa mga kapuspalad na mamamayan.

Kagawaran ng Repormang Pansakahan (*Department of Agricultural Reform, DAR*). Ipinatutupad ng ahensiyang ito ang mga programa ng pamahalaan tungkol sa mga repormang agraryo.

Kagawaran ng Likas na Yaman at Kapaligiran (*Department of Environment and Natural Resources, DENR*). Kabilang sa mga gawain ng ahensiyang ito ang pagtiyak na napangangalagaan ang mga likas na yaman ng bansa.

Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan (*Department of the Interior and Local Government, DILG*). Ang ahensiyang ito ang namamahala sa mga usaping may kinalaman sa mga lokal na pamahalaan.

Kagawaran ng Turismo (*Department of Tourism, DOT*). Ito ang ahensiyang nangangasiwa sa mga usapin kaugnay ng turismo o pagpapakilala tungkol sa Pilipinas sa loob at labas man ng bansa.

Kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon (*Department of Transportation and Communication, DOTC*). Pinagtutuunan ng ahensiyang ito ang pagpapaunlad ng sistema ng transportasyon at komunikasyon sa bansa. Ito ang nangangasiwa sa pagkakaloob ng prangkisa sa mga komunikasyon at telekomunikasyon gayundin ng mga kagamitan na may kaugnayan dito.

Kagawaran ng Enerhiya (*Department of Energy, DOE*). Ito ang kagawaran na nangangasiwa sa tiyak na pagkakaroon ng sapat na tustos ng koryente sa bansa. Minamatyagan din nito ang presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan.

Kagawaran ng Badyet at Pamamahala (*Department of Budget and Management, DBM*). Ang pamamahala sa tamang paggastos ng pamahalaan sa kaban nito ang pangunahing gawain ng ahensiyang ito. Nababatay ang gawaing ito sa batas sa pambansang gastusin ng pamahalaan o ang *General Appropriations Act*.

Sangay na Tagapagbatas

May dalawang kapulungan ang sangay na tagapagbatas ng bansa. Ito ang Senado at Kapulungan ng mga Kinatawan. Binubuo ang Senado ng 24 na senador. Kalahati sa mga ito ay tuwirang inihalal tuwing ikatlong taon at manunungkulan sa loob ng anim na taon. Dalawang beses lamang sila maaaring maihalal. Pinamumunuan ang Senado ng pangulo ng Senado na kadalasang nanggagaling sa mayorya o partido ng nakararaming miyembro sa Senado.

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay binubuo naman ng mga kinatawan ng mga distrito sa buong bansa at ng mga miyembro ng *partylist* ng iba't ibang sektor. Maninilbihan sila sa distritong kanilang kinabibilangan sa loob ng tatlong taon, at maaari silang mahalal muli sa ikalawang pagkakataon. Ang mga kinatawan ay pinamumunuan ng isang Ispiker na inihalal din ng mga kinatawan.

Sangay na Tagapaghukom

Ang sangay na tagapaghukom ay pinamumunuan ng Korte Suprema o Kataas-taasang Hukuman. Binubuo ito ng isang Punong Mahistrado at 14 na katulong na mahistrado. Maaaring manungkulan ang mga mahistrado hanggang sumapit sila sa gulang na 70. Ang Court of Appeals o Sandiganbayan ay isang espesyal na hukuman para sa mga opisyal ng pamahalaan na may kaso ng korapsyon.

Mga Pinuno ng mga Lokal na Pamahalaan

Ang mga lokal na pamahalaan ay pinamumunuan ng mga alkalde ng bawat lungsod o bayan na direktang inihalal ng mga nasasakupang lungsod o bayan. Inihalal sila tuwing ikatlong taon at maaaring manungkulan hanggang tatlong termino.



GAWIN MO

Gawain A

Tukuyin ang namumuno sa sumusunod:

1. Lungsod o bayan
2. Korte Suprema
3. Senado
4. Kapulungan ng mga Kinatawan
5. Sangay na Tagapagpaganap

Gawain B

Dugtungan ang pangungusap upang mabuo ang pahayag na nagsasabi ng sangay o tanggapan na pinamumunuan ng sumusunod.

1. Ang Pangulo ay _____.
2. Ang Punong Mahistrado ay _____.
3. Ang Pangulo ng Senado ay _____.
4. Ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay _____.
5. Ang Pangulo ay humihirang ng _____.

Gawain C

Punan ang tsart ng pangalan ng mga kasalukuyang namumuno sa ating bansa.

Namumuno sa Bansa	Mga Kasalukuyang Pinuno
1. Pangulo	
2. Pangalawang Pangulo	
3. Pangulo ng Senado	
4. Ispiker sa Mababang Kapulungan	
5. Punong Mahistrado	



TANDAAN MO

- Ang sangay na tagapagpaganap ay pinamumunuan ng Pangulo ng bansa.
- Ang sangay na tagapagbatas ay binubuo ng dalawang kapulungan—ang Senado at Kapulungan ng mga Kinatawan.
- Ang sangay na tagapaghukom ay kinabibilangan ng isang punong mahistrado at 14 na katulong na mga mahistrado.
- Ang Senado ay pinamumunuan ng Pangulo ng Senado samantalang ang Ispiker naman ang namumuno sa kapulungan ng mga kinatawan.
- Ang gabinete ay nasa pamamahala ng Pangulo.
- Ang mga yunit ng lokal na pamahalaan ay pinamumunuan ng alkalde ng bayan o lunsod.



NATUTUHAN KO

Hanapin sa hanay **B** ang taong inilalarawan sa hanay **A**. Isulat sa notbuk ang letra ng tamang sagot.

- | A | B |
|---|------------------------|
| 1. Pinuno sa kapulungan ng mga kinatawan | A. Pangulo |
| 2. Pinuno ng senado | B. Ispiker |
| 3. Hinirang ng pangulo mula sa Listahan ng Judicial Bar Council | C. Punong Mahistrado |
| 4. Puno ng estado | D. Pangulo ng Senado |
| 5. Pinuno ng Korte Suprema | E. Mga mahistrado |
| 6. Maaaring pumalit sa pangulo | F. Pangalawang Pangulo |

ARALIN 4

Paraan ng Pagpili at Kapangyarihan ng mga Namumuno ng Bansa



PANIMULA

Ang mga miyembro ng bawat sangay ng pamahalaan ay dumadaan sa pagpili batay sa mga pamantayan ng Serbisyo Sibil (*Civil Service*). Ito ang tanggapan ng pamahalaan na nangangasiwa sa mga pamantayan sa bawat posisyon sa pamahalaan. May mga pamantayang sinusunod upang maging karapat-dapat sa serbisyo.

Sa araling ito, inaasahang matatalakay mo ang mga paraan ng pagpili ng mga mamumuno sa pamahalaan at kaakibat na mga kapangyarihan ng mga ito.



ALAMIN MO

Pagka-Pangulo at Pangalawang Pangulo

Ayon sa Saligang Batas, ang sinumang nais kumandidato sa pagkapangulo ay kailangang taglay ang sumusunod na mga kuwalipikasyon:

1. Marunong bumasa at sumulat
2. Katutubong mamamayan ng Pilipinas
3. Apatnapung taong gulang sa araw ng halalan
4. Nakapanirahan sa Pilipinas sa loob ng sampung taon bago ang araw ng halalan
5. Rehistradong botante

Pareho lamang ang kuwalipikasyon ng pangulo at pangalawang pangulo. Gaya ng nabanggit na sa naunang aralin, ang termino ng pangulo ay anim na taon lamang at hindi na siya maaaring kumandidatong muli sa pagkapangulo. Ang pangulo at pangalawang pangulo ay tuwirang inihahalal ng mga mamamayan sa pamamagitan ng isang pambansang halalan.

Mga Kapangyarihan ng Pangulo

Taglay ng Pangulo ang sumusunod na mga kapangyarihan:

1. Pumili ng mga puno ng iba't ibang kagawaran ng sangay na tagapagpaganap, embahador, konsul, may ranggong koronel sa sandatahang lakas, komisyoner ng komisyong konstitusyonal, at iba pang opisyal na isinasaad sa Konstitusyon at maging pagpili ng mga opisyal na hindi itinatadhana ng Konstitusyon ngunit isinasaad ng batas na tanging Pangulo lamang ang maaaring pumili.
2. Pangangasiwa sa iba't ibang kagawaran, tanggapan, at mga opisina sa ilalim ng sangay na tagapagpaganap.
3. Bilang punong kumander ng Sandatahang Lakas, maaari niyang utusan ang sandatahang lakas na supilin ang karahasan, pananakop, o pag-aalsa.
4. Suspendihin ang *writ of habeas corpus* sa panahon ng rebelyon at pananakop at isailalim ang bansa sa batas militar.
5. Alisin sa tungkulin ang sinuman sa kaniyang mga hinirang.
6. Pumili ng mahistrado mula sa mga inirekomenda ng Judicial Bar Council.
7. Pagpapawalang-bisa ng mga multa, pagsamsam, at pangwakas na hatol maliban sa kasong *impeachment*, patawarin ang mga nahatulan, at pababain ang parusa.
8. Aprubahan o payagan ang isang kontrata o garantiya ng isang pag-utang ng pondo sa ibang bansa na may pahintulot ng Monetary Board ayon sa itinatadhana ng batas.
9. Pumasok sa isang kasunduan sa ibang bansa na may pagsang-ayon ng 2/3 kaanib ng Senado.
10. May *veto power* o kapangyarihan na tanggihan ang isang buong batas o bahagi ng batas.

Ang pangalawang pangulo ay katuwang ng Pangulo sa pagpapatupad ng mga kapangyarihan ng Pangulo sakaling wala ito. Siya ang kapalit ng Pangulo kung ito ay magbitiw, na-*impeach*, o namatay. Ang pangalawang pangulo ay kasapi ng gabinete ng Pangulo.

Mga Mambabatas

Ang mga mambabatas ay nahahati sa dalawa: ang mga senador at mga kinatawan. Ang mga senador ay inihahalal ng mga botante sa buong bansa samantalang ang mga kinatawan ay inihahalal ng mga botante sa distrito na kanilang kinakatawan.

Ang mga senador ay kabilang sa mataas na kapulungan o Senado at ang mga kinatawan ay sa mababang kapulungan o Kapulungan ng mga Kinatawan. Ang mga senador ang pumipili ng presidente ng Senado at ang Kapulungan ng mga Kinatawan naman ang pumipili ng kanilang Ispiker.

Kasama sa kuwalipikasyon ng kakandidatong senador ang pagiging katutubong mamamayan ng Pilipinas, edad na tatlumpu't limang taong gulang sa araw ng halalan, rehistradong botante, nakababasa at nakasusulat, at nakapanirahan sa Pilipinas sa loob ng dalawang taon bago ang halalan.

Para naman sa mga kinatawan, ang kandidato ay kailangang katutubong inianak sa Pilipinas, nasa dalawampu't limang taong gulang sa panahon ng halalan, nakababasa at nakasusulat, at nakapanirahan sa distritong kaniyang kakatawanin sa loob ng isang taon sa panahon ng halalan.

Ang mga kandidato sa pagka-Senador ay tuwirang inihahalal ng mga botante sa isang pambansang halalan. Ang mga kinatawan naman ay inihahalal ng mga botante sa distritong kanilang kinabibilangan.

Mga Kapangyarihan ng Mambabatas

Taglay ng mga mambabatas ang sumusunod na mga kapangyarihan: paggawa ng batas, pagsisiyasat para makatulong sa paggawa ng batas, pagpapahayag ng pag-iral ng kalagayang pandigma nang may pagsang-ayon ng $\frac{2}{3}$ kaanib nito, at pagpapatibay ng badyet ng pamahalaan.

May espesyal na kapangyarihan ang bawat kapulungan. Ang senado ang may saklaw sa pagpapatibay ng mga kasunduang panlabas ng bansa. Saklaw naman ng mababang kapulungan ang paghahain ng panukalang batas tungkol sa pambansang

badyet, mga buwis, mga panukalang batas na panlokal, at mga kasong *impeachment*. Ang Senado ang may kapangyarihang lumitis ng mga kasong *impeachment*.

Mga Mahistrado ng Korte Suprema

Isa sa mga kapangyarihan ng Pangulo ang pagpili ng mga mahistrado para sa Kataas-taasang Hukuman o Korte Suprema. Kabilang sa mga katangiang dapat taglay ng irerekomendang mahistrado ang sumusunod: katutubong mamamayan ng Pilipinas; nasa apatnapung taong gulang; isang abogado sa Pilipinas sa loob ng 15 taon at naging hukom sa mababang hukuman; at nagtataglay ng subok na kakayahan, malinis ang budhi, may integridad, at may kalayaan sa paggawa ng desisyon.

Ang Kataas-taasang Hukuman ay binubuo ng isang Punong Mahistrado at labing-apat na katulong na mahistrado. Sila ay hinihirang ng Pangulo batay sa rekomendasyon ng Judicial Bar Council.

Mga Kapangyarihan ng Korte Suprema

Batay sa isinasaad sa Konstitusyon, ang sangay na tagapaghukom ay nagtataglay ng mga kapangyarihang ito:

1. May hawak sa mga kasong kinasasangkutan ng mga embahador, konsul, at iba pang mga opisyal; at mga petisyon at apela gaya ng *habeas corpus*
2. Muling pag-aaral, pagrerebisa, pagbabaliktad, pagbabago, o pagpapatibay ng isang apela ayon sa isinasaad ng batas at mga patakarang panghukuman; at mga pangwakas na pagpapasiya at kautusan ng mababang hukuman sa mga kaso na pinagtatalunan kung may nagawang paglabag sa Konstitusyon gaya ng:
 - a. anumang pandaigdigan o pang-ehektibong kasunduan, batas, mga atas ng pangulo, proklamasyon, kautusan, instruksiyon, ordinansa, at regulasyon
 - b. lahat ng uri ng buwis na ipinapataw at mga multa kaugnay ng mga buwis na ito

- c. hurisdiksiyon ng mababang hukuman sa isang kaso
 - d. parusang kamatayan o habang buhay na pagkabilanggo
 - e. katanungan tungkol sa pagpapatupad ng isang batas
3. Pagtatalaga ng pansamantalang hukom sa ibang hukuman nang hindi hihigit ng anim na buwan nang walang pahintulot ng hukom
 4. Pag-atas sa paglilipat ng paglilitisang lugar upang hindi maisakripisyo ang paggagawad ng katarungan
 5. Pagpapatupad ng mga alintuntunin na may kinalaman sa pangangalaga at pagpapatupad ng mga karapatang konstitusyonal, *pleadings*, praktis, alituntunin sa lahat ng hukuman, pagtanggap ng mga bagong abogado para masanay ang kaniyang propesyon, *integrated bar*, at pagkakaloob ng tulong-legal sa mga kapuspalad
 6. Paghirang ng mga empleyado sa hukuman ayon sa mga pamantayan ng serbisyo sibil
 7. Pangangasiwa sa lahat ng hukuman at mga empleyado nito
 8. Paglikha ng Judicial Bar Council



GAWIN MO

Gawain A

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang mga katangian ng isang karapat-dapat na maging pangulo ng bansa?
2. Ano ang mga kuwalipikasyon upang maaaring kumandidato sa pagkasenador at mambabatas?
3. Anong mga katangian ang dapat taglayin ng mga mahistrado?
4. Bakit nakasaad sa Saligang Batas ang mga kuwalipikasyon at kapangyarihan ng mga namumuno sa pamahalaan?
5. Ano-anong kapangyarihan ang saklaw ng Pangulo, senador, kinatawan, at mahistrado?

Gawain B

Kopyahin ang tsart sa notbuk. Punan ito ng mga hinihinging impormasyon.

Namumuno ng Bansa	Kuwalipikasyon	Kapangyarihan
1. Pangulo		
2. Mahistrado		
3. Senador		
4. Kinatawan sa Mababang Kapulungan		

Gawain C

Bumuo ng limang pangkat. Buuin ang estruktura ng bawat sangay ng pamahalaan:

Pangkat 1: Tagapagpaganap

Pangkat 2: Senado

Pangkat 3: Kapulungan ng mga Kinatawan

Pangkat 4: Hudikatura

Pangkat 5: Pagsasama-sama ng gawa ng apat na pangkat



TANDAAN MO

- Ang Pangulo ng bansa ang pinuno ng sangay na tagapagpaganap; Pangulo ng Senado sa Mataas na Kapulungan at Ispiker sa Mababang Kapulungan sa sangay na tagapagbatas; at Punong Mahistrado sa sangay na tagapaghukom.
- May sinusunod na mga pamantayan at kuwalipikasyon sa pagpili ng mga pinuno ng bansa.
- Ang Pangulo at mga senador ay tuwirang inihahalal ng mga botante sa buong bansa.
- Ang mga kinatawan sa mababang kapulungan ay inihahalal ng mga botante sa kani-kanilang distrito.
- Ang mga mahistrado ay hinihirang ng Pangulo ng bansa.



NATUTUHAN KO

- I. Kopyahin ang tsart sa sagutang papel. Lagyan ng tsek kung dapat taglay ng mga namumuno ang mga kuwalipikasyong nakasulat sa tsart.

Kuwalipikasyon	Pangulo	Pangulo ng Senado	Ispiker ng Mababang Kapulungan	Punong Mahistrado
1. Marunong bumasa at sumulat				
2. Katutubong mamamayan				
3. 10 taong naninirahan sa Pilipinas				
4. Rehistradong botante				
5. 40 taong gulang				
6. Abogado nang 15 taon at naging hukom sa mababang hukuman				
7. May malinis na budhi, may integridad, subok na kakayahan, at malayang nakagagawa ng desisyon				
8. 35 taong gulang				
9. Dalawang taong nanirahan sa Pilipinas bago ang halalan				
10. 25 taong gulang				

II. Alamin kung sinong namumuno ng bansa ang may sumusunod na kapangyarihan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Paglilipat ng paglilitis sa ibang lugar
2. Paghirang ng Punong Mahistrado sa Mataas na Hukuman ayon sa itinatadhana ng batas sa serbisyo sibil
3. *Veto power*
4. Muling pagbabalik-aral sa mga kasong may parusang kamatayan at habambuhay na pagkabilanggo
5. Pakikipagkasundo sa ibang bansa
6. Paggawa ng panukalang batas tungkol sa pambansang badyet
7. Pagdedeklara ng pag-iral ng digmaan
8. Punong Kumander ng Sandatahang Lakas
9. Pagpapatibay ng mga kasunduang panlabas
10. Pagdinig sa mga kaso tungkol sa legalidad ng isang batas

ARALIN 5

Paghihiwalay ng Kapangyarihan at Check and Balance sa mga Sangay ng Pamahalaan



PANIMULA

Natutuhan sa mga naunang aralin ang tatlong sangay ng pamahalaan at mga kapangyarihan ng mga ito. Nalaman din na iba-iba ang saklaw na kapangyarihan ng bawat sangay. Sa palagay mo, bakit kaya magkahiwalay ang mga kapangyarihan ng tatlong sangay ng pamahalaan? Gayon din, sa bawat kapangyarihan ay kailangan ng pagpupuna upang di lumagpas sa pinatutupad na kapangyarihan.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Maipapaliwanag mo ang paghihiwa-hiwalay ng kapangyarihan (*separation of powers*) ng tatlong sangay ng pamahalaan.
2. Maipapaliwanag mo ang *check and balance* ng kapangyarihan ng bawat sangay ng pamahalaan.



ALAMIN MO

Malinaw na isinasaad sa Konstitusyon ang mga hangganan ng kapangyarihan ng mga sangay ng pamahalaan. Ito ang tinatawag na *separation of powers* ng tatlong sangay. Malaya ang bawat sangay ng pamahalaan na gumawa ng desisyon bilang pagtupad sa kanilang gawain. Hindi maaaring makialam ang alin mang sangay sa kani-kanilang gawain maliban kung ito ay may paglabag sa kapangyarihang nakatadhana ng Saligang Batas.

Kapag nagmalabis sa kaniyang kapangyarihan ang isang sangay, maaari siyang punahin ng alin mang sangay. Ito ang pagsusuri at pagbabalanse o *check and balance* ng kapangyarihan

ng bawat isang sangay ng pamahalaan. Ang kalabisan sa kapangyarihan ay kaagad natitigil sapagkat maraming mata ang nakamatyang upang matiyak na wasto ang ginagawa ng bawat isa. Sa ganitong paraan, maiwasan ang pagkakamali ng kapangyarihan ng bawat sangay.



GAWIN MO

Gawain A

Dugtungan ang bawat pangungusap upang mabuo ang pahayag.

1. Ang sangay na tagapagbatas ay _____.
2. Ang sangay na tagapaghukom ay _____.
3. Ang sangay na tagapagpatupad _____.
4. Ang paghihiwalay ng kapangyarihan ay _____.
5. Ang pagkakaroon ng paghihiwalay ng kapangyarihan ng tatlong sangay ng pamahalaan ay isang paraan upang maiwasan ang _____.

Gawain B

Isulat ang salitang *wasto* kung tama ang pahayag at *hindi wasto* kung mali ang pahayag sa bawat bilang.

1. Nagkakaroon ng sabwatan ang mga sangay ng pamahalaan sa ilalim ng check and balance.
2. Napagtatakpan ang kamalian ng bawat sangay kung may check and balance.
3. Sa ilalim ng check and balance ay maaaring punahin ang kamalian ng bawat sangay ng pamahalaan.
4. Dapat na may nangingibabaw na isang sangay ng pamahalaan batay sa kapangyarihan.
5. Iginagalang ang kalayaan ng bawat sangay sa ilalim ng check and balance.

Gawain C

Ipaliwanag ang sagot.

1. Bakit mahalaga ang paghihiwalay ng kapangyarihan ng bawat sangay ng pamahalaan?
2. Ano ang ibig sabihin ng check and balance o pagsusuri at pagbabalanse ng kapangyarihan?
3. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng pagsusuri at pagbabalanse ng kapangyarihan ng tatlong sangay ng pamahalaan?
4. Paano makatutulong ang paghihiwalay ng kapangyarihan ng tatlong sangay sa pagpapatupad ng kanilang mga tungkulin?
5. Paano nakatutulong ang pagsusuri at pagbabalanse sa kaunlaran ng bansa?



TANDAAN MO

- Ang pagkakaroon ng paghihiwalay ng kapangyarihan ng bawat sangay ng pamahalaan ay makatutulong upang matiyak na ang ginagawa ng bawat isang sangay ay naaayon sa Saligang Batas.
- Maiiwasan ang pag-abuso sa kapangyarihan kung ang saklaw lamang ng bawat sangay ang hahawakang tungkulin o gawain.
- Ang bawat sangay ng pamahalaan ay malaya sa panghihimasok ng iba pang sangay.
- Ang pangulo, pangalawang pangulo, mga mahistrado ng Korte Suprema, *ombudsman*, at mga kasapi ng Komisyong Konstitusyonal na nagkaroon ng kaso ay maaaring maalis sa tungkulin sa pamamagitan ng *impeachment*.



NATUTUHAN KO

- I. Isulat ang salitang *wasto* kung tama ang pahayag at *hindi wasto* kung mali ang pahayag.
1. Ang sangay na tagpagbatas ay nagpapatupad ng mga batas.
 2. Ang sangay na tagapagpaganap ay nagbibigay ng interpretasyon ng batas.
 3. Ang sangay na tagapaghukom ang nagpapatupad ng batas.
 4. Ang *separation of powers* ng tatlong sangay ng pamahalaan ay isang hakbang para maiwasan ang pagmamalabis sa kapangyarihan.
 5. Limitado ang kapangyarihan ng bawat sangay ng pamahalaan.
- II. Piliin ang letra ng tamang sagot sa bawat bilang. Isulat ang letra ng sagot sa sagutang papel.
1. Ang sumusunod ay maaaring maalis sa puwesto sa pamamagitan ng *impeachment* maliban sa _____.
 - A. Pangulo
 - B. Pangalawang Pangulo
 - C. Gabinete
 - D. Mahistrado
 2. Kapag may pagsusuri at pagbabalanse ng kapangyarihan, maiiwasan ang _____.
 - A. Pananakop ng ibang bansa
 - B. Pagmamalabis sa kapangyarihan
 - C. Pakikipag-ugnayan sa ibang bansa
 - D. Pangigingibang-bayan ng mga mamamayan
 3. Kapag may pagsusuri at pagbabalanse ng kapangyarihan ang bawat sangay ng pamahalaan, nangangahulugan na _____.
 - A. Mas marami ang kapangyarihan ng isang sangay
 - B. Nanghihimasok ang mga sangay sa isa't isa
 - C. May pagmamalabis ang bawat sangay
 - D. Malaya ang bawat sangay

4. Hindi maaaring pakialaman ng alin mang sangay ang bawat isa maliban kung ____.
- A. May kasunduan sila
 - B. Nanghimasok ang mga sangay sa isa't isa
 - C. Hindi nagkakasundo ang mga mambabatas
 - D. May paglabag sa kapangyarihang nakasaad sa Konstitusyon
5. Sa kabila ng paghihiwalay ng kapangyarihan ng mga sangay, pinangangalagaan nila ang kanilang tungkulin dahil ____.
- A. Malaya ang bawat sangay sa isa't isa
 - B. Magkakaugnay pa rin ang mga sangay
 - C. May check and balance ng bawat sangay
 - D. Iisa lamang ang pinanggagalingan ng kanilang kapangyarihan

ARALIN 6

Epekto ng Mabuting Pamumuno sa Pagtugon sa mga Pangangailangan ng Bansa



PANIMULA

Sa katatapos na aralin, nagkaroon ka ng batayang kaalaman tungkol sa paghiwa-hiwalay ng kapangyarihan ng tatlong sangay ng pamahalaan at check and balance ng kapangyarihan sa bawat isang sangay. Nabatid mo na napakahalagang magkaroon ng ugnayan ang bawat sangay ng pamahalaan upang ang mga programa at proyekto ay maayos na maitaguyod tungo sa kabutihan ng lahat.

Sapat ba ang pagkakaroon ng paghihiwalay ng kapangyarihan ng tatlong sangay ng pamahalaan at check and balance ng kanilang mga kapangyarihan upang maging epektibo ang pamumuno? Kailan masasabing epektibo ang pamumuno? Ano rin ang mga epekto nito sa pagtugon sa iba-ibang pangangailangan ng mga mamamayan?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Masasabi mo ang kahulugan ng mabuting pamumuno
2. Matatalakay mo ang mga epekto ng mabuting pamumuno sa pagtugon sa mga pangangailangan ng bansa
3. Masasabi mo ang kahalagahan ng isang mabuting pinuno



ALAMIN MO



Paano ko pahahalagahan ang ginagawa ng mga namumuno upang matugunan ang pangangailangan ng bansa?

Ano ang epekto ng mabuting pamumuno sa pagtugon sa pangangailangan ng bansa?

Kahalagahan ng Mabuting Pamumuno

Mahalaga ang pag-unlad ng ekonomiya ng isang bansa at isang mahalagang salik sa pag-unlad nito ang mabuting pamumuno. Ang pamumuno ay isang proseso ng pagpapatunay ng awtoridad at pagbubuo ng desisyon para sa nasasakupan o ng buong bansa. Ang pamumuno ay may kalakip ding pananagutan at pakikipagkaisa at pantay na pagtingin, mapatao man ito o mapapamahalaan. Ang isang mabuting pamunuan ay matatag at walang kaguluhan, may maayos na pangangasiwa sa mga yaman at patakaran, at may paggalang sa mga batas, at walang katiwalian.

Ang mabuting mamumuno ay tumitingin din sa mga aspektong nangangailangan ng tulong o atensiyon at nakikinig sa boses ng mamamayan. Sa madaling salita, ang mabuting pamumuno ay may paggalang sa batas at sa nasasakupan.

Mga Epekto ng Mabuting Pamumuno

Makikita ang isang epekto ng mabuting pamumuno sa pag-unlad ng mga negosyo o kalakalan. Sa mabuting pamumuno, naaayos ang mga polisiya, kung kaya't makahihimok ng mas maraming mamumuhunan. Ang maraming mamumuhunan ay nangangahulugan din ng pagtaas ng kita ng komunidad at ng bansa sa pangkalahatan. Ang pagpasok ng mga mamumuhunan ay karagdagan ding pagkakataon sa pag-eempleyo, kaya't malaki ang bahagdan ng pagbaba ng kahirapan.

Ang maayos na pagpapatupad ng mga polisiya ay pagpigil at pagbabawas din sa paglaganap ng katiwalian.

Maliban pa sa mga pisikal na mga patunay gaya ng maayos na mga kalsada at tulay at maunlad na mga agrikultural na pananim at pangisdaan, isang makabuluhang epekto rin ng mabuting pamumuno ang pagkakaroon ng mamamayan ng puwang o daan sa mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan. Dahil napakikinggan ang boses ng mamamayan, natutugunan ang mga pangunahing pangangailangan nito. Gayon din, hindi



mahirap sa mga mamamayan ang pagsunod sa batas, maging ang pakikipagsosyo sa pamahalaan sa iba-ibang gawain at programa.

Ang mabuting pamumuno ay hindi lamang sa loob ng bansa mapapakinabangan. Kung epektibo ang pamumuno, positibo ang kalagayang pangkapayapaan , at maunlad ang panloob na kalakalan, hindi lamang mga mangangalakal ang mahihimok na mumuhunan sa bansa. Uunlad din ang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga turista o mga Pilipinong nagbabalik-bayan.



GAWIN MO

Gawain A

Magpangkat-pangkat. Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang mabuting pamumuno?
2. Ano ang kahalagahan ng isang mabuting pamumuno?
3. Sa parehong pangkat, isulat sa bawat kahon ang mga epekto ng mabuting pamumuno sa iba't ibang serbisyo ng pamahalaan. Iulat ito sa klase.

Kalusugan

Kalakalan

Kabuhayan

Gawain B

Sa parehong pangkat, isulat ang mga epekto ng mabuting pamumuno sa pagpapatupad ng mga serbisyo ng pamahalaan sa kalusugan, kalakalan, kabuhayan ng mga mamamayan.

Gawain C

Sa pamamagitan ng drowing, ipakita ang isang epekto na maaaring maging bunga ng pagtugon ng namumuno sa pangangailangan ng kaniyang nasasakupan. Gawin ito sa malinis na papel.



TANDAAN MO


- Ang mahusay na pinuno ay nagsasagawa ng mga kaparaanan para sa kapakanan ng kaniyang nasasakupan.
- Tinutugunan ng isang mahusay na pinuno ang mga pangangailangan ng mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga programa at proyekto para dito.



NATUTUHAN KO

Gawin ang sumusunod:

1. Kopyahin ang bituin sa papel. Isulat sa loob ng bituin ang pangalan ng kilala mong lider, maaaring sa inyong lungsod, bayan, o barangay.
2. Isulat sa loob ng mga kahon ang mga programa at proyektong ipinatupad ng lider na isinulat mo.
3. Sumulat ng isang pangungusap na naglalahad ng epekto ng mga programa o proyektong ipinatupad ng lider.



--	--	--

ARALIN 7

Kahulugan ng mga Simbolo at Sagisag ng Kapangyarihan ng Pamahalaan



PANIMULA

Napag-aralan mo sa nakaraang aralin ang pagtataguyod ng pamahalaan sa mga karapatan at serbisyong panlipunan para sa kapakanan ng mamamayan. Ang pagtataguyod na ito ay bunga ng kapangyarihan ng mga namumuno sa pamahalaan.

Sa araling ito, tatalakayin ang mga simbolo at sagisag ng kapangyarihan ng pamahalaan. Ano sa palagay mo ang mga simbolong ito? Ano ang sinasagisag ng bawat simbolo?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Maiisa-isa mo ang mga simbolo at sagisag ng kapangyarihan ng pamahalaan
2. Matatalakay mo ang kahulugan ng ilang simbolo at sagisag ng kapangyarihan ng pamahalaan



ALAMIN MO

Ano kaya ang ibig sabihin ng mga simbolo at sagisag ng kapangyarihan ng pamahalaan?



Bakit kaya dapat nating malaman ang ibig sabihin ng mga simbolo at sagisag ng kapangyarihan ng pamahalaan?

Simbolo at Sagisag

Ano ang kaibahan ng simbolo sa sagisag? Ang *simbolo* ay pananda na nakikita sa pamamagitan ng paglalarawan ng anumang bagay na kumakatawan sa nais isagisag nito. Ang sagisag ang nagbibigay-kahulugan sa mga natatanging pananda o sa mga simbolo ng inilarawan o iginuhit.

Sagisag ng Pangulo ng Bansa

Ang opisyal na sagisag ng Pangulo ng bansa ay may *tatlong bituin* sa taas na bahagi nito, na sumisimbolo sa tatlong bahagi ng bansa, ang Luzon, Visayas, at Mindanao.

Makikita rin dito ang *sagisag ng araw* na sumisimbolo sa hangarin ng bansa na maging malaya at may kasarinlan.

Ang *leon* ay sumisimbolo ng labis na pagkaranas ng ating bansa ng impluwensiya ng mga dayuhang Espanyol na kung saan naging bahagi rin sila ng bansang Pilipinas lalo na sa larangan ng pananampalataya.

Ang *agila* ay sumisimbolo sa kasaysayan na ang ating bansa ay naimpluwensiyahan ng pananakop ng mga Amerikano.

Ang *opisyal na selyo* na makikita sa bahaging ibaba nito ay nangangahulugan na ang ating bansa ay may kalayaan at may soberanya.



Sagisag ng Tanggulang Pambansa

Sinasagisag ng simbolo ng Tanggulang Pambansa ang kapayapaan at kaayusan sa ating bansa. Sinasagisag din nito ang pagtatanggol sa bansa laban sa dayuhang mananakop at anumang himagsikang panloob. Ang Tanggulang Pambansa ay sakop ng kapangyarihan ng Pangulo.



Sagisag ng Pangalawang Pangulo at Gabinete

Ang Pangalawang Pangulo at Gabinete ang mga katulong ng Pangulo sa pagsasakatuparan ng mga tungkulin at gawain ng pambansang pamahalaan.



Sagisag ng Tagapagbatas

Ang sagisag ng Tanggapan ng Senado ay halos katulad ng sa Pangulo maliban sa selyo. May dagdag din itong mga sampaguita sa magkabilang gilid na kumakatawan sa mga rehiyon ng bansa. Sinasagisag din ng mga sampaguita ang dangal at dignidad ng mga mambabatas. Sa ilalim ng sagisag ay makikita ang mga katagang “*Legis servitae Pax Fiat*” na nangangahulugang *Law serves peace, let it be done*. May mga bituin din na nakapalibot sa sagisag na kumakatawan sa 24 na kasapi ng Senado.



Sagisag ng Kapulungan ng mga Kinatawan

Gaya ng sagisag ng Pangulo ng bansa, may pagkakahawig ang mga simbolo rito maliban sa opisyal na selyo. May nakapalibot din ditong 74 na mga bituin na sumasagisag sa mga kinatawan ng bansa noong 1987. Ang taon sa ibaba ng sagisag ay ang taon kung kailan ibinalik ang Kongreso o nagkaroon muli nito ang pamahalaang Pilipinas.



Sagisag ng Tagapaghukom

Ang sagisag ng Tagapaghukom ay tulad din ng sa Pangulo. Sinasagisag ng espada rito ang kapangyarihan sa pagbibigay ng hustisya; ang timbangan na walang sinuman ang higit na mataas kaysa batas, lahat ay pantay-pantay sa batas; at ang *tablet* sa ibaba nito ay sumasagisag sa sampung utos.





GAWIN MO

Gawain A

Ibigay ang kahulugan ng mga simbolo na nakapaloob sa sagisag ng Pangulo ng Pilipinas.



1. Araw:

2. Tatlong Bituin:

3. Agila:

4. Leon:

5. Republika ng Pilipinas:

Gawain B

Ipaliwanag ang sumusunod:

1. Bakit mahalaga na may pagkakakilanlang sagisag ang bawat ahensiya ng pamahalaan?
2. Bakit mahalagang malaman ang sinasagisag ng mga pagkakakilanlang ito?



TANDAAN MO

- Ang *simbolo* ay panandang nakikita sa pamamagitan ng paglalarawan ng anumang bagay na kumakatawan sa nais isagisag nito.
- Ang *sagisag* ay nagbibigay-kahulugan sa mga pananda o simbolo ng inilalarawan.
- May mga kahulugan ang mga sagisag ng mga pangunahing ahensiya ng pamahalaan.



NATUTUHAN KO

Gumawa ng sariling sagisag at lapatan ito ng kaukulang simbolo. Ipaliwanag ang kahulugan ng nabuo mong sagisag. Gawin ito sa papel.

ARALIN 8

Mga Programang Pangkalusugan



PANIMULA

Napag-aralan mo sa asignaturang Science na ang wastong pangangalaga sa katawan ay isa sa mga paraan upang maging malusog at ligtas sa sakit. Ang pagkakaroon ng malusog na katawan ay kailangan din para sa matalinong pagganap sa pang-araw-araw na gawain at tungkulin. Bilang bahagi ng lakas-tao ng bansa, ang pamahalaan ay may tungkulin ding pangalagaan ang kalusugan ng kaniyang mamamayan. Sinasabing ang kalusugan ng bayan ay nababatay sa kalusugan ng mamamayan nito. Kaya naman, ang pamahalaan ay nagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan na siya nating tatalakayin sa araling ito.

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahang:

1. Matutukoy mo ang mga ahensiyang may kaugnayan sa kalusugan
2. Maiisa-isa mo ang mga programa at serbisyong pangkalusugan ng pamahalaan
3. Mapahalagahan mo ang mga programa at serbisyong pangkalusugan



ALAMIN MO

Ang lakas-tao ay isang napakahalagang bahagi ng lipunan. Nakasalalay sa tao ang pagbubuo ng desisyon para sa pang-araw-araw na kahihinatnan ng kaniyang buhay at maging ng lipunang kaniyang ginagalawan. Kaya naman mahalagang malusog ang kaniyang pangangatawan upang malusog din ang kaniyang pag-iisip. Ito ay isinasaalang-alang ng pamahalaan upang lubos na



mapakinabangan ang mamamayan at maging katuwang ito sa pagbubuo ng tamang pasiya at pagsasagawa ng wastong pagkilos para sa maayos na pamamalakad at kalagayan ng bansa.

Iba-iba ang mga programang pangkalusugan ng pamahalaan. May mga programa para sa mga bata, kabataan, kababaihan, at para sa lahat. Ang Kagawaran ng Kalusugan ang pambansang ahensiyang naatasan ng pamahalaan na mamahala sa mga serbisyong pangkalusugan. Ilan sa malalaking programa ng kagawaran ang National Health Insurance Program (NHIP), Complete Treatment Pack, pagbabakuna, programa sa mga ina at kababaihan, at programa laban sa mga sakit.

Ang PhilHealth

Ang NHIP ay itinatag upang magkaroon ng seguro ang lahat ng mamamayan at mapagkalooban ng may kalidad na mga pasilidad at serbisyong pangkalusugan, at pagkakamit ng pangkalahatang kalusugan. Maraming Pilipino ang nakikinabang sa programang Philippine Health Insurance ng pamahalaan. Sa tulong ng Philhealth, maraming mamamayan ang nakapagpapagamot at nabibigyan pa ng libreng gamot. Kasama rito ang libreng pagpapagamot sa mga sakit na *dengue*, *asthma*, at katarata, maging sa malalalang sakit gaya ng kanser.

Sa pamamagitan ng NHIP, maipagkakaloob sa mga mamamayan, lalo na sa mahihirap, ang mga serbisyong pangkalusugan, pag-iwas man ito sa sakit o paggagamot ng karamdaman.



Complete Treatment Pack

Higit ding mapauunlad ang serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng DOH Complete Treatment Pack. Layunin nitong marating ang pinakamahihirap na mamamayan at mabigyan ng kumpletong gamot lalo na sa mga pangunahing sakit sa bansa.

Nagtatalaga rin ng mga doktor, nars, at komadrona sa malalayong munisipyo upang mabilis na matugunan ang pangangailangan ng mga tao rito.

Pagbabakuna

Itinataguyod at higit pang pinalawak ng pamahalaan ang pagbabakuna o imunisasyon ng mga bata laban sa mga sakit gaya ng *diarrhea*, *polio*, *tigdas*, at *trangkaso*. Kasama pa rito ang pamamahagi ng mga bitamina gaya ng Vitamin A, *iron*, at *iodine* laban sa sakit sa dugo at mata. Isinasagawa ang mga ito sa mga sentrong pangkalusugan o *health center* na matatagpuan sa iba-ibang bahagi ng rehiyon. Malaking tulong ang serbisyong ito dahil nababawasan ang malubhang pagkakasakit ng mga bata na kung magkaminsan ay sanhi rin ng pagliban nila sa paaralan.



Programang mga Ina at Kababaihan

Isa pa sa mga programang pangkalusugan ng pamahalaan ang pangangalaga sa kalusugan ng mga ina. Kasama rito ang regular na pagpapatingin sa sentrong pangkalusugan ng mga nagdadalang-tao, libreng bitamina para sa kanila, at libreng bakuna laban sa sakit gaya ng *neo tetanus*. Hinihikayat din ang mga ina na regular na magpatingin sa doktor sa mga *health center* na makikita sa maraming bahagi ng komunidad. Kalakip pa rito ang libreng mga gamot na kailangan para sa kanilang mga sakit. Maraming ina ang nakikinabang sa mga serbisyong ito.

Programang Laban sa Iba pang mga Sakit

Ang ilang mga sakit gaya ng tuberkulosis ay madali nang malunasan sa tulong ng programa ng pamahalaan laban sa sakit na ito. Maliban sa walang bayad ang pagpapatingin, may mga gamot pang ibinibigay ang mga *health center* para sa tuluyang paggaling ng mga mamamayang may karamdamang ito. May programa rin sa pagpapalaganap ng impormasyon sa pag-iwas, tamang pagsugpo, at paggamot sa *human immunodeficiency virus infection* at *acquired immune deficiency syndrome* (AIDS).

Patuloy ang pangangalaga ng pamahalaan sa kalusugan ng mga mamamayan lalo na tuwing nalalapit ang tag-ulan kung saan maraming mga bata ang nagkakasakit. Kasama sa panlaban sa pagdami ng nagkakasakit na mga bata ang paglilinis sa kapaligiran tulad ng pagbobomba kontra lamok na may dalang sakit.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano-anong serbisyo ang nakapaloob sa mga programang pangkalusugan ng pamahalaan?
2. Anong ahensiya ng pamahalaan ang namamahala sa mga programang pangkalusugan?
3. Saan maaaring pumunta upang makinabang sa mga serbisyo nito?
4. Bakit mahalaga ang mga paglilingkod na pangkalusugan?



GAWIN MO

Gawain A

Buuin ang *graphic organizer*. Itala sa loob ng kahon ang mga serbisyong pangkalusugan na tungkuling ipagkaloob ng pamahalaan sa mga mamamayan at mga epekto sa mamamayan ng mga serbisyong ito.

Serbisyong Pangkalusugan

Mga Epekto

Gawain B

Bumuo ng tatlong grupo. Pag-usapan sa bawat grupo ang mga sumusunod. Itala ang napag-usapan at sabihin sa klase.

Unang grupo: Benepisyong natamasa na ninyo o ng inyong mga pamilya buhat sa mga serbisyong pangkalusugan ng pamahalaan

Pangalawang grupo: Mga ahensiya ng pamahalaan at iba pang samahan sa inyong pamayanan na nagkakaloob ng mga serbisyong pangkalusugan

Ikatlong grupo: Mga paraan upang mapalaganap sa inyong pamayanan ang pagtataguyod sa mga serbisyong pangkalusugan sa inyong pamayanan

Gawain C

Sagutin sa papel:

Sa palagay mo, paano pa mapauunlad ang mga serbisyong pangkalusugan ng ating pamahalaan?



TANDAAN MO

- Ang Kagawaran ng Kalusugan ang pangunahing ahensiya ng pamahalaan na namamahala sa mga serbisyong pangkalusugan para sa mga mamamayan.
- Ilan sa mga serbisyong pangkalusugan ng pamahalaan ang pagbabakuna, pagbibigay ng libreng gamot, libreng pagpapaospital, at benepisyo ng Philhealth.
- Maaaring pumunta sa mga sentrong pangkalusugan (*health center*) sa inyong pamayanan para sa mga pangangailangang medikal.



NATUTUHAN KO

Sagutin ang mga tanong. Ipaliwanag kung kailangan. Isulat sa sagutang papel ang inyong mga sagot.

1. Ano ang kalusugan?
2. Paano mo pangangalagaan ang iyong kalusugan?
3. Ano ang mga paglilingkod na pangkalusugan ng pamahalaan? Magbigay ng tatlo.
4. Ano-anong ahensiya o sentrong pangkalusugan ang maaaring puntahan ng mamamayan upang magpatingin o magpagamot?
5. Ano ang benepisyong makukuha mula sa National Health Insurance Program ng Kagawaran ng Kalusugan?
6. Bakit nagtatalaga ng mga doktor, nars, at *midwife* sa malalayong bayan?
7. Ano ang Complete Treatment Pack ng Kagawaran ng Kalusugan?
8. Ano ang HIV/AIDS?
9. Bakit mahalaga ang pagbabakuna sa mga bata?
10. Ano-ano pang karagdagang paglilingkod o serbisyong pangkalusugan ang alam ninyo na tinatamasa rin ng mga mamamayan?

ARALIN 9

Mga Pamamaraan ng Pagpapaunlad ng Edukasyon sa Bansa



PANIMULA

Natukoy mo sa nakaraang aralin ang mga ahensiya ng pamahalaan na nangangasiwa sa kapakanang pangkalusugan ng mga mamamayan. Nalaman mo ang iba-ibang programa at serbisyong pangkalusugan na ipinagkakaloob ng mga ahensiyang ito. Nabigyan din ng linaw kung paanong ang mga programang pangkalusugang ito ay nakatutulong sa pamayanan upang maging malusog at maiwasan ang pagkakasakit.

Maliban sa programa sa kalusugan, ang mga programa sa edukasyon ay isa pang mahalagang serbisyo ng pamahalaan para sa mamamayan.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Masasabi mo ang mga pamamaraan sa pagpapaunlad ng edukasyon sa bansa
2. Maitataguyod ang kahalagahan ng edukasyon sa bansa



ALAMIN MO

Isang mahalagang salik ang edukasyon sa pag-unlad ng mamamayan at sa pagsulong ng isang bansa. Mahalagang salik din ito sa pag-unlad ng istandard ng pamumuhay ng bawat mamamayang nakapag-aral. Sa pamamagitan ng iba-ibang programang pang-edukasyon ng pamahalaan, natutugunan ang pangangailangan sa pagkatuto ng mga mamamayan.

Ang Pilipinas ay kaisa sa mga bansang nagtataguyod ng Edukasyon para sa Lahat (*Education for All*) na naglalayong mapabuti ang kalidad ng edukasyon ng bawat Pilipino, bata man o matanda. Bilang tugon sa pandaigdigang programang ito

at sa pambansang pangangailangan na mapaunlad ang sistema ng edukasyon sa bansa, may mga programa sa edukasyon na ipinatupad ang pamahalaan. Nangunguna sa mga ito ang *Basic Education Program* o kilalang Kinder to Grade 12 Program. Nilalayon nitong magkaroon ang mga mag-aaral ng lubos at tuloy-tuloy na pagkatuto ng mga batayang kasanayan, at magkaroon ng kahandaan sa kolehiyo o pag-eempleyo.

May mga Day Care Center din sa maraming barangay na nangangalaga sa mga batang nag-uumpisa pa lamang matuto. May programa rin para sa mga *out-of-school youth* (OSY) o yaong mga nahinto sa pag-aaral na pinangangalagaan naman ng Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng programa nitong Abot-Alam. Layunin ng programang ito na mabawasan ang mga OSY at maihanda sila sa pagnenegosyo o pag-eempleyo. Binibigyan sila ng pagkakataong makapag-aral muli sa pamamagitan ng Alternative Learning System sa mga oras at araw na libre sila o di naghahanapbuhay.



<https://www.google.com.ph/search?=1&source=lnms&tbn=isch&>
<https://www.google.com.ph/search?>

Pinaiigting din ang mga programa sa edukasyon para sa mga *Indigenous People* (IP) o mga katutubo nating mamamayan. Maliban sa literasi, layunin ding mapangalagaan at mapagyaman ang kultura ng mga IP.

Pinalalaganap din ng pamahalaan ang mga programa nito sa iskolarsyip para sa mahuhusay na mag-aaral ngunit walang sapat na panustos sa pag-aaral.


Pinaniniwalaang ang tao ay isang malaking yaman ng bansa. Kung kaya, kailangang malusog di lamang ang pisikal na pangangatawan, kundi gayon din ang kaniyang kaalaman sa pamamagitan ng pagkatuto o edukasyon at pagsasanay. Mahahalagang saligan ang mga ito ng pagsulong ng bansa sa larangan ng ekonomiya.



GAWIN MO

Gawain A

Punan ang *graphic organizer* ng mga programa ng pamahalaan sa edukasyon. Maaari mo itong dagdagan ng iba pang programang iyong nalalaman.



Gawain B

Kumuha ng kapareha. Magpalitan ng kuro-kuro tungkol sa ipinatutupad na mga programa sa edukasyon. Sagutin kung natatamasa ba ito ng maraming mag-aaral.

Gawain C

Bilang mag-aaral sa ikaapat na baitang, ano ang iyong gagawin upang lubos na mapakinabangan ang mga programa sa edukasyon ng pamahalaan? Kopyahin ang kahon sa ibaba at

isulat dito ang iyong gagawin. Gawin ito bilang isang pangako sa sarili.

Ang Aking Pangako



TANDAAN MO

- Tungkulin ng pamahalaan na pangalagaan ang kapakanan ng mamamayan sa larangan ng edukasyon.
- May itinataguyod na mga programa sa edukasyon ang pamahalaan na naglalayong maitaguyod ang kapakanang pang-edukasyon ng mamamayan.
- Ang K–12 Basic Education Program ay isang programang naglalayong makamit ng bawat mag-aaral ang mga kasanayang kailangan niya sa pag-aaral, pagpasok sa kolehiyo, at pag-eempleyo o pagiging entreprenyur.



NATUTUHAN KO

Basahin ang mga kalagayan. Ano ang gagawin mo sa bawat kalagayan? Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa papel.

1. Nag-anunsiyo ang kapitan sa inyong barangay na maaari nang magpalista sa inyong paaralan ng mga nais pumasok sa Kinder. May kapatid kang anim na taong gulang.
 - A. Sasabihin sa magulang ang anunsiyo.
 - B. Ipagpatuloy ang ginagawa na parang walang narinig.
 - C. Hihikayatin ang magulang na ipalista na ang kapatid.
 - D. Hindi papansinin ang sinabi tatal bata pa naman ang kapatid.

2. Nahinto sa pag-aaral ang iyong kuya. Natutunan mo sa paaralan na may programa sa edukasyon para sa mga nahinto ng pag-aaral.
 - A. Alamin sa guro kung kanino magtatanong dahil alam mong interesado ang iyong kuya.
 - B. Hindi na sasabihin sa kuya tatal namamasukan na siya sa karinderya.
 - C. Hayaan na lamang ang iyong kuya dahil matanda na siya.
 - D. Hindi na lamang papansinin dahil magastos ito.
3. Nangangailangan ng mga boluntaryo para sa pagpapakin sa mga bata sa inyong *day care center* sa araw ng Sabado.
 - A. Hindi ako pupunta dahil mapapagod ako.
 - B. Ipagpapatuloy ko na lamang ang paglalaro ko.
 - C. Tutulong ako kung ano man ang kaya kong gawin.
 - D. Hindi na ako pupunta dahil hindi rin siguro ako bibigyan ng gagawin.
4. Isang katutubo ang iyong kalaro. Sinasabi niya sa iyo ang tungkol sa kanilang mga paniniwala na natutunan niya sa kaniyang pag-aaral.
 - A. Magkukunyari akong nakikinig.
 - B. Sasabihin kong maglaro na lamang kami.
 - C. Makikinig ako para may matutunan din ako.
 - D. Sasabihin ko kung ano ang mga ayaw ko sa mga gawinila.
5. Para makarating sa paaralan, naglalakad si Lolit at ang kaniyang dalawang kapitbahay nang isang oras. Kung ikaw si Lolit, gagawin mo rin ba ang kaniyang ginagawa?
 - A. Tutulong na lamang ako sa mga gawain sa bahay.
 - B. Gagawin ko dahil nais kong makapagtapos ng pag-aaral.
 - C. Yayayain ko ang aking mga kaklase na lumiban sa klase.
 - D. Maaaring tamarin akong pumasok dahil mahirap maglakad.

ARALIN 10

Mga Programang Pangkapayapaan



PANIMULA

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo ang iba't ibang programa sa edukasyon para sa mga mag-aaral bata man o matanda, pormal o di pormal. Naunawaan mo rin ang kahalagahan ng edukasyon sa pag-unlad ng sarili at ng bansa.

May isa pang itinataguyod na paglilingkod ang pamahalaan na lubhang nakatutulong sa mamamayan. Ito ay ang mga programang pangkapayapaan.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Makapagbibigay ka ng mga halimbawa ng programang pangkapayapaan ng pamahalaan
2. Mailalarawan mo ang mga tungkuling pangkapayapaan



ALAMIN MO

Ang kapayapaan ay nararanasan sa isang komunidad kung ang mga kasapi nito ay nagkakaunawaan at nagkakaisa ng mithiin. May mga pagkakataong hindi nakakamit ang kapayapaan dahil sa di pagkakaunawaan lalo na sa mga lugar na nakararanas ng kaguluhan. Gayon din, nakaaapekto ang kaguluhan sa kalagayang pang-ekonomiya ng isang komunidad.

Upang mapanatili ang kaayusan at kaligtasan ng mga mamamayan, may mga ahensiya ang pamahalaan na tumutugon sa pangangailangang ito. Nagpapatupad din ito ng mga programang pangkapayapaan upang maiangat ang kalagayang pang-ekonomiya ng mga kasapi ng komunidad.

Mga Ahensiya sa Kapayapaan

Sandatahang Lakas ng Pilipinas (Armed Forces of the Philippines, AFP). Ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas ang pangunahing lakas na tagapagtanggol ng bansa. Tungkulin nitong ipagtanggol ang bansa laban sa mga kaaway o mananakop, lokal man o banyaga, at pagpapanatili ng kaayusan at katahimikan sa bansa. Ang Sandatahan ay binubuo ng Hukbong Katihan (*Army*), Hukbong Dagat (*Navy*), at Hukbong Himpapawid (*Air Force*).

Department of National Defense (DND). Tungkulin nitong pangalagaan ang katahimikan sa loob at labas ng buong bansa at tiyakin ang seguridad nito laban sa mga panganib.

Mga Lokal na Pamahalaan (Local Government Units, LGU). Ang katahimikan at kaayusan sa mga lungsod at bayan ay kapayapaan na rin ng buong bansa. Tumutulong ang mga lokal na pamahalaan sa pagpapanatili ng kaayusan ng kani-kanilang nasasakupan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga ordinansa na naglalayon ng kapayapaan sa lugar na nasasakupan.

Pambansang Pulisya ng Pilipinas (Philippine National Police, PNP). Ang PNP ay ang lakas ng hanay ng kapulisan ng bansa. Sila ang kaakibat ng mga lokal na pamahalaan sa pagsugpo sa mga krimen at paghuli sa mga taong lumalabag sa batas. Katulong pa rin sila sa pagpapatupad ng mga batas trapiko.

Iba pang Programang Pangkapayapaan

Isa pa sa mga programang pangkapayapaan ng pamahalaan ay ang “Payapa at Masaganang Pamayanan” o PAMANA. Ito ay isang balangkas at programa para sa kapayapaan at pag-unlad sa mga lugar na apektado ng kaguluhan at mga lugar na sakop ng umiiral na mga kasunduang pangkapayapaan. May pitong lugar at rehiyon ang nakikinabang sa programang ito kasama na ang Zamboanga-Basilan-Sulu-Tawi-Tawi (Zambasulta) at Cordillera. Layunin ng programang ito na mapaunlad ang kabuhayan at pagkakataon para makapagtrabaho sa mga lugar

na mahihina at may kaguluhan; palakasin ang kakayahan ng mga lokal na pamunuan at isulong ang mga plano at programa nito sa kapayapaan; at paghikayat sa mga mamamayan na makiisa sa pagsusulong ng kapayapaan at kaunlaran ng kanilang komunidad.



GAWIN MO

Gawain A

Lagyan ng tsek (✓) kung nakatutulong sa pagpapanatili ng kapayapaan at ekis (x) kung hindi.

1. Kaguluhan sa Timog Mindanao
2. Pakikipagsabwatan sa mga magnanakaw
3. Banggaan ng motorsiklo at kotse sa kalsada
4. Paglalagay ng mga ilaw-trapiko sa malalaking kalye
5. Pagpapatupad ng mga polisiya hinggil sa kapayapaan
6. Negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan, mga makakaliwa, at Bangsamoro Islamic Freedom Fighters
7. Pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga kababaihan sa pamamagitan ng pananahi at pagtitinda
8. Kaguluhan sa pagitan ng mga hukbong pandagat at banyagang mangingisda sa loob ng dagat Pilipinas

Gawain B

Magbigay ng halimbawa ng mga programang pangkapayapaan na ipinatutupad ng sumusunod na mga ahensiya at programa. Kopyahin ang tsart at isulat ang sagot dito.

Ahensiya/Programa	Programang Pangkapayapaan
1. Lokal na Pamahalaan	
2. Sandatahang Lakas ng Pilipinas	
3. Pambansang Pulisya ng Pilipinas	
4. Payapa at Masaganang Pamayanan	
5. Kagawaran ng Tanggulang Pambansa	

Gawain C

Magbigay ng programang pangkapayapaan na ipinatutupad sa inyong komunidad o barangay. Ano ang epekto nito sa nasasakupan? Ipaliwanag. Isulat ang sagot sa notbuk.



TANDAAN MO

- Karapatan ng bawat Pilipino na mamuhay nang mapayapa at ligtas sa komunidad na kaniyang kinabibilangan.
- Tungkulin din ng bawat mamamayan na panatilihing mapayapa at ligtas ang komunidad na kaniyang kinabibilangan.
- May mga ahensiya ng pamahalaan na tumutulong sa pagpapanatili ng kaligtasan, katahimikan, at kaayusan ng bansa, lalawigan, bayan, at barangay gaya ng Hukbong Sandatahan, Pambansang Pulisya ng Pilipinas, at mga lokal na pamahalaan.



NATUTUHAN KO

Basahin ang mga sitwasyon. Alin ang tamang gawin? Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Nakita mong pilit hinahablot ng isa mong kaklase ang bag ng isang mag-aaral habang naglalakad palabas ng silid-aralan.
 - A. Panoorin ang dalawa at hintayin kung ano ang mangyayari.
 - B. Tatawagin ang guro o guwardiya at sasabihin ang nangyayari.

- C. Hintaying mapikon ang isa at panoorin sila habang nag-aaway.
 - D. Sasabihan ang nanghahablot ng bag kahit malaki ito sa iyo.
2. Nag-anyaya ang inyong punong barangay sa mga nais lumahok sa *seminar* sa paggawa ng tosino na maaaring pagkakitaan.
- A. Sasabihin ito sa nakatatandang kapatid na walang pinagkakaabalahan.
 - B. Mahal ang karne kaya huwag na lamang pumunta sa seminar.
 - C. Hindi ito makabuluhan kaya huwag na lamang pansinin.
 - D. Magsasawalang-kibo dahil hindi ito kayang gawin.
3. May bangga ng limang sunod-sunod na sasakyan sa kalsada.
- A. Alamin muna kung may grabeng nasaktan.
 - B. Sisihin at ipagdiinan na kasalanan ito ng naunang sasakyan.
 - C. Isa man sa mga nabangga ay tumawag ng *traffic enforcer* o pulis.
 - D. Pagtulungang sigawan ang mga nabangga dahil naging sanhi ng pagsikip ng trapiko.
4. Napanood mo sa telebisyon ang tungkol sa pag-aangkin ng China sa kalupaan at karagatang pag-aari ng Pilipinas.
- A. Ipabahala sa China ang dapat gawin ng dalawang bansa.
 - B. Panatilihin ang payapang pakikipag-ayos at pakikipag-usap.
 - C. Labanan ang China kung anuman ang nais nitong gawin o mangyari.
 - D. Bantayan lagi ang mga karagatan at kalupaang inaangkin ng China.

5. May banta ng puwersahang pag-aalis ng pinuno ng lokal na pamahalaan.
- A. Maging handa ang kapulisan sa anumang maaaring mangyari.
 - B. Ipagbigay-alam ng lokal na pamahalaan sa pambansang pulisya.
 - C. Hayaan ang mga tao sa nais nilang gawin dahil sila ang maapektuhan nito.
 - D. Magbigay ng babala ang lokal na pamahalaan sa napag-alamang maaaring mangyari.

DEPED COPY

ARALIN 11

Paraan ng Pagtataguyod sa Ekonomiya ng Bansa



PANIMULA

Malaya at matagumpay na maitataguyod ang ekonomiya ng bansa lalo't payapa ito. Ano ang kahulugan ng ekonomiya? Ano ang kaugnayan nito sa pag-unlad ng isang bansa? Ano-anong programa ang itinataguyod ng pamahalaan para sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Maipapaliwanag mo ang kahulugan ng ekonomiya at ang kaugnayan nito sa pag-unlad ng bansa
2. Matutukoy mo ang mga layunin ng pamahalaan sa pagtataguyod ng ekonomiya ng bansa
3. Masasabi mo ang mga paraan ng pamahalaan upang maitaguyod ang ekonomiya ng bansa



ALAMIN MO

Ang *ekonomiya* ay sitwasyong pangkabuhayan ng isang bansa. Sa pamamagitan nito, nalalaman kung ang isang bansa ay maunlad, papaunlad, o mahirap.

Ang pagpapabuti sa ekonomiya ng bansa ay binibigyan ng prayoridad ng ating pamahalaan. Maliban sa pagpapaunlad sa panloob na ekonomiya, nakikipag-ugnayan ito sa ibang bansa bilang karagdagang seguridad na pang-ekonomiya. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga programa upang makaakit ng mamumuhunan, malinang ang panluwas na pamilihan, mapaunlad ang turismo, makalikom ng mga impormasyon, at mapadali ang pagtanggap ng tulong mula sa ibang bansa.

Nakasalalay sa mga programang pang-ekonomiya ang pag-unlad ng bansa. Kaya upang maging tiyak at maayos ang ekonomiya, masusing isinaad sa Saligang Batas ang tatlong layunin sa pagtataguyod ng pambansang ekonomiya. Ang mga ito ay ang 1) makatarungang pamamahagi ng kita, pagkakataon, at kayamanan; 2) patuloy na paglaki ng produksiyon ng kalakal at paglilingkod para sa taong bayan; at 3) lumalawak na kasaganaan na susi sa pagtaas ng antas ng pamumuhay ng tao lalo na ang mga kapus-palad.

Ang pamahalaan ay mayroon ding mga patakarang pang-ekonomiya na nagsisilbing gabay sa pagtataguyod ng mga programang pangkaunlaran ng bansa. Kasama rito ang pangangalaga sa mga manggagawa; pangangalaga sa mga kalakal at industriyang lokal; pagpapaunlad ng agrikultura, kagubatan, yamang tubig, at yamang mineral; paghikayat ng mga pribadong negosyo; pangangasiwa ng monopolyo; at pagpapaunlad ng lingkurang-bayan.

Pangangalaga sa mga Manggagawa

Ang pangangalaga sa mga Pilipinong manggagawa at mangangalakal ay binibigyang-pansin laban sa mga di kanais-nais na gawaing pangkalakalan. Ilan dito ay ang panggagaya at paggamit ng pangalan ng umiiral o mabiling produkto. Hinihikayat ang pagbubuo ng produkto na may kahusayan at kalidad upang mapantayan ang mga produktong mula sa ibang bansa. Hinihikayat din ang taong bayan na tangkilikin ang sariling mga produkto bilang inspirasyon at suporta sa mangangalakal na Pilipino.

Pangangalaga sa mga Lokal na Industriya at Kalakal

May mga patakaran ang pamahalaan para sa pangangalaga sa mga lokal na industriya at kalakal. Isa na rito ang pagkontrol sa paglalabas at pag-aangkat ng mga produkto. May mga patakaran din laban sa pagpupuslit o *smuggling*. Ang pagpupuslit ay ilegal o di sang-ayon sa batas na pagpapasok at pagluluwas ng mga kalakal buhat sa ibang bansa at palabas ng ating bansa. Hindi

ito dumaan sa tamang propeso kung kaya't walang naipataw na buwis na isang malaking kabawasan sa kita ng bansa.

Binibigyang-pansin din ng pamahalaan ang pangangalaga sa halaga ng mga produkto. Upang maisakatuparan ito, binuo ang Sanggunian sa Pagsubaybay sa Presyo. Gawain ng ahensiyang ito na subaybayan ang halaga ng mga bilihin upang maiwasan ang hindi makatuwirang pagtaas ng mga ito. Bukod dito, nagpalabas din ng *Consumer Price Index*, isang paraan upang ipaalam sa publiko ang nagaganap na pagbabago sa halaga ng iba't ibang bilihin at pagpapahayag ng mga posibleng produkto na mayroon sa pamilihing bayan.

Pagpapaunlad ng Agrikultura

Ang agrikultura ay isang mahalagang pinagkukunan ng kita ng bansa kahit noon pa man. Kaya naman, bilang pagpapaunlad sa sektor na ito, binibigyan ng pamahalaan ng suporta ang mga magsasaka gaya ng pagtuturo at pagsasanay sa kanila hinggil sa makabagong mga paraan sa pagsasaka. Maraming magsasaka rin ang tinuturuan ng mga ahensiya ng pamahalaan sa agrikultura ng paggamit sa mga pananim ng *organic fertilizer* at mga *pesticide* na walang halong kemikal. Ito'y upang mapanatiling mataba ang lupa para sa susunod na pagtanim. Layunin ng pamahalaang mapalaki ang ani ng mga sakahan nang sa gayon ay lumaki rin ang kita ng mga magsasaka, gayon din ng bansa.



www.nscb.gov.ph



www.zamboanga.com

Naging malaking tulong sa mga magsasaka ang pagtitibay ng Batas Republika Blg. 6657 o ang *Comprehensive Agrarian Reform Program* (CARP) sa panahon ng panunungkulan ng dating Pangulong Corazon C. Aquino. Layunin ng programang ito na mabigyan ang mga magsasaka ng sarili nilang lupang sasakahin at sisinupin. Sa pamamagitan ng mga suporta at programang ito ng pamahalaan, inaasahang uunlad di lamang ang kabuhayan ng mga magsasaka kundi pati na rin ng bansa.

Pagpapaunlad ng Kagubatan

Dalawang mahalagang tugon ang binuo ng pamahalaan para sa pangangalaga ng kagubatan. Ang una ay ang *reforestation* o ang muling pagtatanim sa mga lugar na pinutulan ng mga puno. Itinayo ng pamahalaan ang Pambansang Punlaan ng mga Puno at unti-unti, sa pamamagitan ng iba-ibang ahensiya at institusyon, ay tinatamnan ang mga bahagi ng kagubatan na nakalbo na. Ang ikalawa ay ang pagbabawal sa mga pagtotrosong panluwas. Ang pagpapatupad ng *Selective Logging* o *Total Log Ban* ay naging isyu sa bansa na sa kalaunan ay pinagkasunduan din bilang tugon sa lumalaganap na suliranin sa kagubatan.



Forestry.denr.gov.ph



<http://pcsd.gov.ph/accomplishment/tropical.htm>

Pagpapaunlad ng Yamang Tubig

Nais ng pamahalaan na matugunan sa pamamagitan ng yamang tubig ang ilan sa mga pangunahing pangangailangan ng tao lalo na ng mga mangingisdang nakikinabang dito. Bilang tugon, nagkakoob ang pamahalaan ng mga programa

gaya ng pagsasanay para sa wastong pangangalaga at pagpapalaki ng mga *fingerling* at pagpapautang ng puhunan para sa kaugnay na mga negosyo. Gayon din, sa pamamagitan ng mga kooperatiba at mga lokal na pamahalaan, nagkakaloob din ang pamahalaan ng puhunan para sa pagbubuo ng maliit na pangisdaan o anumang hanapbuhay na may kinalaman sa yamang tubig.

Pagpapaunlad ng Yamang Mineral

Ang kabundukan ng Pilipinas ay sagana sa iba-ibang uri ng mineral. Ngunit ang paglinang dito ay hindi ganap na naisasagawa ng pamahalaan dahil sa kakulangan sa kagamitan, puhunan, at kaalaman sa makabagong teknolohiya. Bagama't nabibigyan ng pagkakataon ang ilang Pilipino na magmina sa makalumang paraan, binigyan ng pamahalaan ng permiso ang ilang korporasyong pag-aari ng dayuhan na mamuhunan sa paglinang ng mga mineral sa bansa. Kapalit ng permisong ito ay ang tulong teknikal mula sa mga dayuhan upang magkaroon ng malawakang eksplorasyon sa mga yamang mineral at pagpapaunlad at paggamit ng ilang kapakinabangan sa bansa tulad ng langis.

Paghikayat ng mga Pribadong Negosyo

Upang maging ganap ang partisipasyon ng mamamayan sa pagtugon sa pambansang ekonomiya, hinikayat ng pamahalaan ang pagtatayo ng mga korporasyon, kooperatiba, samahan, at mga negosyong pag-aari ng pribadong mamamayan. Ang pamumuhunan ng maliliit na negosyante ay binibigyang-puwang ng pamahalaan upang makatulong sa pag-angat ng ekonomiya ng bansa.

Pangangasiwa sa Monopolyo

Ang pagkakaroon ng monopolyo ay iniwasan ng pamahalaan dahil naghahatid ito ng hindi makatarungang kompetisyon. Naging patakaran na ng pamahalaan na pangasiwaan ang mga ganitong kompanya o di kaya ay tuluyan nang pagbawalan ang pananatili ng mga ito.

Ang monopolyo ay ang pagkontrol at pagtustos ng iisang kompanya ng isang uri ng produkto. Isang halimbawa nito ay ang Meralco dahil ito lamang ang tanging tagatustos ng elektrisidad sa bansa.

Pagpapaunlad ng Lingkurang-Bayan

Ang lingkurang-bayan ay mga pampublikong pasilidad na bukas sa sinumang mamamayan ng bansa na may kaalaman at kakayahang magpatakbo ng negosyo. Halimbawa ay ang pagnanais na magbukas ng linya ng sasakyang pampubliko. Nagbibigay ng pahintulot ang pamahalaan sa pamamagitan ng prangkisa. Ang prangkisa ay permiso na ibinibigay sa isang tao o korporasyon na mamamahala o magsisimula ng isang lingkurang-bayan, maliit man ito o malaki. Maaari ding humingi ng prangkisa ang korporasyon o samahan mula sa pamahalaan kung 40 bahagdan ng puhunan ay pag-aari ng dayuhan at ang 60 bahagdan ay pag-aari ng mga Pilipino. Ang pangangasiwa nito sa lingkurang-bayan ay tatagal ng 50 taon. Ang ganitong patakaran sa pangangalakal ay nakasaad sa Saligang Batas ng Pilipinas bilang proteksiyon sa mga Pilipinong mangangalakal.

Sagutin:

1. Ipaliwanag sa sariling pag-unawa ang kahulugan ng mga binuong patakaran na nagsisilbing gabay sa pagtataguyod ng pambansang ekonomiya.
2. Ano ang mga layunin ng pamahalaan na nakasaad sa Saligang Batas sa pagtataguyod ng ekonomiya ng bansa?
 - a. Paghihikayat ng mga pribadong negosyo
 - b. Pangangalaga sa manggagawa
 - c. Pangangalaga sa mga kalakal
 - d. Pagpapaunlad ng yamang tubig
 - e. Pagpapaunlad ng yamang mineral
 - f. Pagpapaunlad ng lingkurang bayan
 - g. Pangangalaga sa kagubatan



GAWIN MO

Gawain A

Isulat sa notbuk ang mga salitang tinutukoy sa bawat bilang.

1. Batas na naglalayong mabigyan ng pagkakataon ang mga magsasaka na magkaroon ng sariling lupang sakahan
2. Muling pagtanim ng mga puno sa nakakalbong kagubatan
3. Iisang kompanya lamang ang may kontrol sa pagtustos ng isang uri ng produkto
4. Mga pasilidad sa transportasyon at komunikasyon gaya ng telepono at barko
5. Pangkat ng tao na binigyan ng pamahalaan ng permiso na magkaroon at mamahala ng negosyo

Gawain B

Ibigay ang hinihinging detalye sa tsart. Sundin ang halimbawa.

Programa o Proyekto	Bahaging Ginagampanan ng Pamahalaan	Mga Pakinabang
Pangangasiwa sa Monopolyo	Mahigpit ang pagbabantay ng pamahalaan sa ganitong uri ng negosyo sapagkat kinokontrol ng iisang kompanya lamang ang pangangasiwa sa isang uri ng produkto.	Nabubuksan ang negosyo para sa lahat.

Gawain C

Sa palagay mo, paano nakatutulong ang *Overseas Filipino Workers* (OFWs) sa pagsulong ng ekonomiya ng bansa?





TANDAAN MO

- Ang mga layuning pang-ekonomiya na nakasaad sa Saligang Batas ay binuo upang maging tiyak at maayos ang kalagayan ng ekonomiya ng bansa.
- May mga patakaran na nagsisilbing gabay sa pagtataguyod ng mga programang pangkaunlaran gaya ng pangangalaga sa mga likas na yaman, mga negosyo, at mga pasilidad.



NATUTUHAN KO

Sagutin ang sumusunod. Ipaliwanag ang iyong sagot.

1. Sang-ayon ka ba sa pagbibigay ng permiso ng pamahalaan sa mga dayuhang mangangalakal na linangin at gamitin ang ating yamang mineral? Bakit?
2. Ano ang kaugnayan ng ekonomiya sa pag-unlad ng isang bansa?
3. Anong suliranin sa yamang tubig ang dapat bigyang-pansin ng bansa? Bakit?
4. Ano ang posibleng suliraning kakaharapin ng bansa sa mga yamang ito kung hindi mabibigyan ng pansin? Bakit?
5. Sa palagay mo, nakatulong ba ang Comprehensive Agrarian Reform Law sa mahihirap na magsasaka? Paano?

ARALIN 12

Mga Programang Pang-impraestruktura ng Pamahalaan



PANIMULA

Pansinin ang mga larawan. Ano-ano ang nakikita mong pangangailangan ng mga tao? Matutugunan kaya ang lahat ng kanilang pangangailangan kung aasa lamang sila sa kanilang sarili? Makakaya kaya ng bawat pamilya na magtayo ng sariling sistema ng patubig, palengke, sariling ospital, gamit pangkomunikasyon, o di kaya’y sariling munisipyo?

Kung titingin ka sa iyong paligid, napakarami nang pagbabagong pang-impraestruktura na nagaganap sa bansa. Sa likod ng mga pagbabago o modernisasyong ito ay ang mga bunga ng iba-ibang paglilingkod ng pamahalaan. Subalit sa pagtugon sa bawat pangangailangan, higit itong nagiging mabisa kung may kalakip na sapat na pondo o pera na gagastusin ng pamahalaan sa mahusay at wastong paraan.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Maipapaliwanag mo ang kahulugan ng impraestruktura
2. Makapagbibigay halimbawa ng mga programang pang-impraestruktura atbp ng pamahalaan
3. Masusuri mo ang mga proyektong pang-impraestruktura ng pamahalaan
4. Mailalahad mo ang kahalagahan ng mga programang pang-impraestruktura ng pamahalaan





ALAMIN MO

Upang mapabilis ang kaunlaran ng ekonomiya at makalikha ng maraming trabaho, lalo na sa mga lalawigan, nagbibigay ang pamahalaan ng kaukulang pondo para sa mga proyektong pang-impraestruktura, na kinabibilangan ng *national roads* at mga tulay; mga paliparan, daungan, at mga parola; mga silid-aralan at iba pang pasilidad na pang-edukasyon; sistema ng malinis na tustos ng tubig, irigasyon, at *post-harvest facilities*; at mga estruktura para sa pagpigil sa baha (*flood control*) at proteksiyon ng mga burol.

Ang P141.8 bilyong badyet noong 2011 ay ginawang P182.2 bilyong *total budget* para sa impraestruktura ng gobyerno sa 2012 National Budget. Ito ay 25.6 bahagdag mas mataas kaysa sa alokasyon nang 2011 at kumakatawan sa 1.6 bahagdan ng *Gross Domestic Product* kung ihahambing sa 1.4 bahagdan noong 2011.

Ang *Department of Public Works and Highways* (DPWH) ang nakakuha ng bulto ng badyet para sa impraestruktura, na sinundan ng *Department of Agriculture* (DA) at ng *Department of Agrarian Reform* (DAR) para sa pagtatayo ng *farm-to-market roads*, *post-harvest facilities*, at mga pasilidad sa patubig. Ang *Department of Education* (DepEd) ay nagtatayo at nagkumpuni ng mga silid-aralan, pati na ang mga pasilidad para sa tubig at sanitasyon sa mga pampublikong paaralan.

Pinahusay naman ng *Department of Transportation and Communication* (DoTC) ang mga paliparan, daungan, at iba pang sistema ng transportasyon. Sinimulan din ng Pasig River Rehabilitation Commission ang rehabilitasyon at pagpapaunlad ng Ilog Pasig at kaakibat nitong mga estero. Ang Autonomous Region in Muslim Mindanao ay nagpatupad naman ng mga proyektong pang-impraestruktura sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga lansangan, mga tulay, at *water supply* sa buong rehiyon.

Noong taong 2012, sinimulan ang *Public-Private Partnership* (PPP) *program* ng administrasyong Aquino at 16 na proyekto ang nasimulan dahil dito. Nakipagnegosasyon din ang pamahalaan

para sa *Chinese-funded North Rail contract* upang matugunan ang pangangailangan ng bansa sa transportasyon.

Ang Japan, sa pamamagitan ng Japan International Cooperation Agency, ay nagpondo na halos Php46.88 bilyon para sa flood control at mga proyekto sa irigasyon at mga daan sa buong bansa. Pinondohan nito ang pitong proyekto—apat para sa DPWH, dalawa sa National Irrigation Administration, at isa na ipinatupad naman ng DAR.

Pinangangasiwaan naman ng National Telecommunications Commission (NTC) ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya na nakapagpapabilis sa komunikasyon ng mga tao. Nakatutulong sa mabilis na pag-uugnayan ng mga tao ang telepono, *cellular* at *mobile phone*, *computer*, *internet*, at *fax machine*.

Sa mga proyektong pang-impraestruktura ng pamahalaan na ipinatupad at ipatutupad pa, inaasahan na pasisiglahin nito ang mga gawain sa maraming lungsod at lalawigan. Ang mga trabahong lilikhain ay makatutulong sa pagpapaangat ng kalidad ng pamumuhay ng mga Pilipino. Ang maraming trabaho ay nangangahulugan din ng mas maraming pagkain sa mesa, karagdagang kita para sa edukasyon ng mga kabataan, at mas maraming gawain upang sumigla ang mga komunidad.

Sagutin:

1. Ano ang mga inaasahang tugon ng mga mamamayan sa mga itinatayong pasilidad ng pamahalaan?
2. Anong programang pang-impraestruktura ang sinimulan noong 2012 at ano ang layunin nito?
3. Sa palagay mo, anong programang pang-impraestruktura ang dapat bigyang-pansin ng pamahalaan tungkol sa edukasyon? Bakit?
4. Sa Metro Manila at sa iba pang bahagi ng Pilipinas ay nagpapatayo ng mga *flyover*. Anong programang pang-impraestruktura ang nagpapatupad nito at sa anong layunin?



<http://www.balita.net.ph/2012/01/07/proyektong-pang-imprastruktura-aarangkada-na/>; Masipag na Pilipino 3, Batayan at Sanayang Aklat sa Sibika at Kultura,



GAWIN MO

Gawain A

Maglaro tayo!

1. Isulat sa maliliit na papel ang mga kagawaran at ahensiya ng pamahalan na nagbibigay ng paglilingkod na pang-impraestruktura. Bilutin ang mga papel at ilagay sa kahon.
2. Maghati-hati sa dalawang pangkat ang klase. Pipila ang bawat pangkat sa dalawang magkabilang panig.
3. Magpalabunutan kung aling pangkat ang mauuna.
4. Ang isang miyembro ng mauunang pangkat ay kukuha ng isang binilot na papel sa kahon. Titingnan niya kung anong ahensiya ang nabunot. Hindi ito dapat makita ng kahit sino.
5. Sa pamamagitan ng pag-arte, gagawin niya ang paglilingkod na ibinibigay ng kagawarang nabunot niya. Pahuhulaan niya ito sa ikalawang pangkat sa loob lamang ng 10 segundo. Kung mahulaan ito ng ikalawang pangkat, magkakaroon sila ng isang puntos. Kung hindi, ang puntos ay mapupunta sa unang pangkat.
6. Ang ikalawang pangkat naman ang bubunot. Gagawin din nila ang ginawa ng unang pangkat.
7. Ang pangkat na may pinakamaraming puntos ang mananalò.

Gawain B

Ibigay ang detalyeng hinihingi sa bawat kolum. Isulat sa notbuk ang sagot.

Programang Pang-impraestruktura	Tungkuling Ginagampanan
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

Gawain C

Kopyahin ang tsart sa notbuk. Punan ang bawat kolum ayon sa hinihinging detalye. Sundin ang binigay na halimbawa.

Ahensiya ng Pamahalaan	Proyekto	Paglilingkod
1. Department of Transportation and Communication (DOTC)	paliparan, daungan	mabilis na paglalakbay ng tao at paghahatid ng mga kalakal
2.		
3.		
4.		
5.		
6.		
7.		
8.		
9.		
10.		



TANDAAN MO

- Ang programang pang-impraestruktura ay isa sa mga paglilingkod na ginagawa ng pamahalaan.
- Tinutugunan ng pamahalaan sa pamamagitan ng mga ahensiya nito ang mga pangangailangan ng mamamayan gaya ng kalsada, paaralan, tulay; at sistema ng komunikasyon.



NATUTUHAN KO

Sagutin.

1. Ano ang kahulugan ng impraestruktura? Ipaliwanag.
2. Ano-anong ahensiya ng pamahalaan ang nagpapatupad ng mga programang pang-impraestruktura?
3. Mahalaga ba ang mga programang pang-impraestruktura ng pamahalaan? Bakit?
4. Ano ang kaugnayan ng impraestruktura sa pag-unlad ng bansa?
5. Sa pagdami ng impraestruktura, marami ring trabaho ang naghihintay para sa mga mamamayan. Ano ang ipinapahiwatig nito?

ARALIN 13

Tungkulin ng Pamahalaan sa Pagtataguyod ng Karapatan ng Bawat Mamamayan



PANIMULA

Lahat ay may karapatan. May likas na karapatan ang tao na makapamuhay nang maluwalhati. Nararapat na igalang ito ng pamahalaan. Alam mo ba kung ano ang mga karapatang ito? Paano pinangangalagaan ng pamahalaang Pilipinas ang mga karapatan ng bawat mamamayang Pilipino?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Masusuri mo ang tungkulin ng pamahalaan na itaguyod ang karapatan ng bawat mamamayan
2. Mapahahalagahan mo ang tungkulin ng pamahalaan sa pagtataguyod ng mga karapatang pantao



ALAMIN MO

May mga karapatan ang bawat mamamayan ng Republika ng Pilipinas. Nasasaad ang kalipunan ng mga karapatang ito sa Saligang Batas. Pinangangalagaan at pinahahalagahan ng pamahalaan ang mga karapatang ito.

Narito ang ilang karapatan ng mamamayang Pilipino ayon sa Artikulo III ng Saligang Batas na nakapaloob sa *Katipunan ng mga Karapatan*. Alamin din ang mga ahensiyang tumutulong sa pagpapatupad ng mga karapatang ito.

Karapatan ng Mamamayang Pilipino

- **Karapatan sa buhay, kalayaan, at ari-arian**

Ang bawat tao ay may karapatang mabuhay. Kailangang pangalagaan ang lahat ng bahagi ng kaniyang katawan, maging ang kaniyang pag-iisip. Kasama rito ang pangangalaga sa mga nasa sinapupunan pa lamang.

Karapatan din ng bawat Pilipino ang mabuhay nang malaya. Sa pagiging malaya, nagagamit ng tao ang kaniyang kaalaman at kasanayan. Subalit may hangganan ang kalayaang ito. Hindi maaaring kumilos ang sinuman nang naaayon sa sariling kagustuhan at kapakanan. Dapat ding isaalang-alang ang kagustuhan at kapakanan ng iba.

Natutugunan ang karapatang ito sa pamamagitan ng mga programang pangkalusugan, pangkaayusan, at sa paghahanapbuhay. Kabilang sa mga ahensiyang nangangalaga sa karapatang ito ang DOH, DND, DOTC, at DILG.

Naaayon din sa batas ang karapatan ng mga Pilipino na magmay-ari at gumamit ng mga ari-arian. Nangangahulugan ito na may hangganan din ang pagmamay-ari ng lupa, bahay, at iba pang ari-arian sa bansa. Halimbawa, ang sinumang nagnanais bumili at gumamit ng pampasaherong sasakyan ay kailangang sumunod sa mga patakaran ukol dito. Kailangan niya ang lisensiya, opisyal na pahintulot sa paggamit ng linya, at opisyal na rehistro ng sasakyan.

Ang mga may-ari ng bahay at lupa ay dapat magbayad ng taunang buwis para sa ari-arian. Kung kinakailangang gibain ang kanilang bahay at gamitin ang kanilang lupa para sa bubuksang pampublikong daan, maaari silang pakiusapan ng pamahalaan. Karapatan nila ang tumanggap ng kabayaran para dito. Nangangahulugan na ang nangingibabaw ay ang kagalingang panlahat.

Hindi pinahihintulutan ng pamahalaan ang pagsamsam ng mga ari-arian ng iba. May kaukulang parusa ang sinumang lumabag dito. Kabilang ang DOTC at DILG sa nangangalaga sa karapatang ito.

- **Karapatan sa makatarungang pagpapairal ng batas**

Ang mga tao ay hindi maaaring alisan ng buhay, kalayaan, at ari-arian maliban kung sa paraang pinahihintulutan ng batas. Halimbawa, ang isang taong nangutang at hindi nakabayad sa takdang panahon ay hindi mapaparatangang nagkasala kaya hindi siya mapaparusahan.

Itinatakda ng batas na dapat muna siyang idemanda, dakpin, iharap sa hukuman, litisin, at saka parusahan kung napatunayang nagkasala. Kabilang ang DOJ sa nangangalaga sa karapatang ito.

- **Karapatan sa pantay na proteksiyon sa batas**

Lahat ay pantay-pantay sa proteksiyon sa batas. Halimbawa, dapat na parehong maparusahan ang mga taong nahuling nagsusulat sa mga pader ng paaralan. Hindi pantay ang proteksiyon ng batas kung isa lamang sa kanila ang mapaparusahan at ang isa ay patatawarin dahil siya ay nagmula sa maimpluwensiyang pamilya.

Walang itinatanging mamamayan ang pamahalaan.

- **Karapatan laban sa hindi makatarungang paghahaluhog at pagdakip**

Walang maaaring maghahaluhog o sumamsam ng mga kasulatan at iba pang bagay sa tahanan ng isang tao nang hindi naaayon sa batas. Kailangan sa paghahaluhog at pagdakip ang utos ng hukuman. Ang *search warrant* o *warrant of arrest* ay nagmumula lamang sa isang hukom.

Bago magpalabas ng mga utos, kailangan munang tanunging mabuti ng hukom ang nagrereklamo at mga saksi. Dapat munang mapatunayang nagkasala ang inirereklamo o nasasakdal sa pamamagitan ng mga ebidensiya.

Lubos itong ipinatutupd ng DOJ, National Bureau of Investigation (NBI), at kapulisan.

- **Karapatan sa pagiging lihim ng komunikasyon at korespondensiya**

Walang maaaring bumasa ng liham na ipinadala o tinanggap ng isang tao kung wala siyang pahintulot. Magagawa lamang ito ng iba “kung may utos ang hukuman

o kung hinihingi ng kaligtasan ng publiko,” alinsunod sa Saligang Batas.

Maaaring magreklamo sa kinauukulan ang sinumang makatanggap ng liham o paketeng bukas na, may sira, o kulang ang laman.

Ang Kawanihan ng Koreo ay may mga patakarang dapat sundin upang mapangalagaan ang mga komunikasyon at korespondensiya at maiwasan ang mga reklamo.

- **Karapatan sa pagsasalita, pamamahayag, at pagtitipon-tipon**

Ang pagpapahayag ng opinyon ay karapatan ng tao sa isang bansang demokratiko. Subalit ang karapatang ito ay hindi ganap. Ang karapatan sa pagsasalita ay hindi nagpapahintulot sa isang tao na pagsalitaan ang kaniyang kapuwanang labag sa kalooban. Lalong walang karapatan ang sinuman na magkalat ng balitang walang katotohanan.

Katulad ng karapatan sa pagsasalita ang karapatan sa pamamahayag. Malaya ang mga pahayagan na maglathala ng mga balita ngunit may hangganan din ang karapatan sa pamamahayag. Ang mga pahayagan ay pinagbabawalang maglathala ng anumang hihikayat sa paglabag sa batas.

Karapatan din ng tao na lumahok sa mga pulong upang maiparating sa pamahalaan ang mga ninanais. Subalit, ang pagtitipon ay hindi dapat makasagabal sa karapatan ng ibang taong ibig ding magharap ng mga opinyon at kahilingan.

Maaaring makasuhan ng libelo o paninirang-puri ang sinumang magsahimpapawid o maglathala ng maling balita, kuwento, o komentaryo.

- **Karapatan sa relihiyon**

Ang bawat Pilipino ay may karapatang maniwala at maging kaanib ng alinmang relihiyon. Karapatan din ng mga pangkat ng relihiyon na magmay-ari ng mga lupa at gusali na nauukol lamang dapat sa mga gawaing panrelihiyon.

Pinahihintulutan ng Saligang Batas ang pagtuturo ng relihiyon sa mga mag-aaral sa mga paaralang publiko. Ito ay kung pumapayag din ang mga magulang. Pinahihintulutan din

ang pagtatalaga ng mga pari, ministro, at iba pang relihiyoso sa sandatahang-lakas, bilangguan, bahay-ampunan, at pamayanan ng mga may sakit na ketong.

- **Kalayaan sa paninirahan at paglalakbay**

Ang paninirahan, saan man naisin at hindi lumalabag sa batas, ay karapatan ng bawat tao. Gayunpaman, ang pagtatayo ng bahay sa mga lansangan, liwasan, lupang publiko, at lupang pribado nang walang pahintulot ay ipinagbabawal. Ito ang kautusang nilalabag ng mga impormal na paninirahan.

Sa pangungupahan sa tirahan, ang umuupa ay maaaring paalisin ng may-ari kung hindi siya nagbabayad ayon sa kontrata. Nangangahulugan na ang kalayaan sa paninirahan ay may limitasyon din.

Ang karapatan sa paglalakbay ay karapatan din ng bawat tao. Hindi mahahadlangan ng pamahalaan ang sinumang nagnanais magtungo sa isang lugar, maliban kung ang nasabing lugar ay hindi bukas sa publiko dahil sa kagalingang pangkalusugan o pangkaligtasan. Kailangan ang mga legal na dokumento para sa mga ito, tulad ng karampatang permiso at lisensiya, ayon sa itinakda ng batas.

Kabilang sa mga ahensiyang namamahala dito ang DOTC at DOT.

Sagutin:

1. Paano itinataguyod ng pamahalaan ang pantay-pantay na proteksiyon sa batas?
2. Ano ang mga salik sa pag-iisyu ng *search warrant* at *warrant of arrest*?
3. Ano ang kahulugan ng karapatan laban sa hindi makatarungang paghahaluhog at pagdakip?
4. Ano ang nakapaloob sa Katipunan ng mga Karapatan sa Saligang Batas?



GAWIN MO

Gawain A

Kulayan ng dilaw ang bilog sa hanay ng **K** kung tumutukoy sa karapatan ng mamamayan at kulayan ng asul ang bilog sa hanay ng **T** kung tungkulin ng pamahalaan. Gawin ito sa notbuk.

	K	T
1. Pagtitipid sa paggamit ng tubig at koryente	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
2. Pantay-pantay na proteksiyon sa batas	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
3. Pumili ng relihiyong kaaaniban	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
4. Paglahok sa mga pulong	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
5. Pagpili ng lugar na nais tirhan	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
6. Bumili ng mga produktong gawa sa Pilipinas	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
7. Pagboto nang may katalinuhan	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
8. Pagbuo ng mga samahan	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
9. Pagsunod sa mga batas	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
10. Mamuhay nang mapayapa	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>

Gawain B

Magsagawa ng dula-dulaan na nagpapakita ng sitwasyon kung paano binibigyan ng proteksiyon ng pamahalaan ang mga mamamayan sa kailangang mga karapatan.

1. Unang Pangkat – Karapatan sa Paglalakbay
2. Ikalawang Pangkat – Karapatan sa Buhay
3. Ikatlong Pangkat – Karapatan sa Paninirahan
4. Ikaapat na Pangkat – Karapatan sa Relihiyon
5. Ikalimang Pangkat – Karapatan sa Pamamahayag

Gawain C

Ano ang masasabi mo?

1. Bakit kailangan ang kaakibat na batas sa bawat karapatang tinatamasa ng bawat mamamayang Pilipino? Ano ang maaaring mangyari kung wala nito?
2. Si Marlo ay hindi nakapag-aral ngunit may kakayahan siya sa pagguhit. Marami na siyang nagawa at naipagbili na ang ilan. Isang araw, napansin ni Sally na ang ilang kopya na ginawa ng kaniyang kuya ay kumakalat sa pamilihan nang walang pahintulot ng kaniyang kuya. Tama ba ito? Ano ang maaari nilang gawin? Paano sila matutulungan ng pamahalaan?
3. Ang magkapatid na Alex, Robert, at Villamor ay nakahabla dahil sa salang pagnanakaw. Nang puntahan sila sa kanilang tahanan upang mag-isyu ng *warrant of arrest* ay sina Alex at Robert lamang ang nadatnan ng mga awtoridad. Nakatakas si Villamor. Nalungkot ang pamilya at mga kaanak ng biktima. Anong tulong ang dapat na ibigay ng pamahalaan sa kanila?



TANDAAN MO

- Bawat mamamayang Pilipino ay may karapatan na dapat igalang.
- Tungkulin ng pamahalaan na itaguyod ang mga karapatan ng mamamayan. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng proteksiyon at pangangalaga sa mga karapatang ito.



NATUTUHAN KO

Ipaliwanag ang sumusunod. Gawin ito sa sagutang papel.

Paano itinataguyod ng pamahalaan ang mga karapatan ng bawat mamamayan? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Karapatan sa paninirahan
- Karapatan sa paglalakbay
- Karapatan sa relihiyon
- Karapatan sa pagiging lihim ng komunikasyon
- Karapatan sa pamamahayag
- Karapatan sa buhay, kalayaan, at ari-arian

ARALIN 14

Iba pang Gawain ng Pamahalaan para sa Kabutihan ng Lahat



PANIMULA

Ano ang mga proyekto ng pamahalaan sa inyong lugar? Ano-anong paglilingkod ang natatanggap ninyo mula rito? May kabutihan bang naidudulot ang mga ito? Ano-anong pangangailangan ang maaaring matugunan dahil sa mga paglilingkod o programang ito? Sa palagay mo, dapat bang ipagpatuloy ang mga ito? Bakit?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Matutukoy mo ang mga proyekto at iba pang gawain ng pamahalaan para sa kabutihan ng bawat mamamayan
2. Masusuri mo ang mga proyekto at iba pang gawain ng pamahalaan sa kabutihan ng lahat o nakararami
3. Masasabi mo ang mga epektong dulot ng proyekto o gawaing ito para sa lahat
4. Makapagbibigay ka ng opinyon kung dapat o hindi dapat ipagpatuloy ang mga proyekto o gawaing ito



ALAMIN MO

Sinisikap ng ating pamahalaan na matugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan. Kaya naman, may mga proyekto at iba pang programang itinatatag upang makapamuhay nang maayos, mapayapa, at maunlad. Alam mo ba kung ano-ano ito? Pag-usapan natin.

Paglilingkod sa mga Bata at Matatanda

Nagbibigay ng pangangalaga at paglilingkod ang pamahalaan sa mga inaabuso at inabandona o pinabayaang bata. Ang *Batas Republika Bilang 7610* ay nagbibigay sa mga bata ng natatanging proteksiyon laban sa pang-aabuso, pagsasamantala,

at diskriminasyon. Magkatuwang ang Kagawaran ng Hustisya (*Department of Justice* o DOJ), Komisyon sa Karapatang Pantao (*Commission on Human Rights*, CHR), at *Department of Social Welfare and Development* (DSWD) sa pagpapatupad ng batas na ito. Tumutulong din ang DSWD sa mga batang inabuso, ulila, inabandona, mga batang lansangan, at mga batang nasa gitna ng dalawang pangkat na nag-aaway. Sa DSWD pansamantalang inilalagak ang mga batang may ganitong suliranin.



https://www.google.com.ph/search?q=pictures+of+DSWD+people+helping+street+children&es_of+DSWD+people+helping+street+children&es_sm=93&tbm=isch&tbo=u&source=univ&sm=93&tbm=isch&tbo=u&source=univ&sa=X&ei=arjqU76alYje8

May Golden Acres naman para sa matatandang walang kumukupkop na kamag-anak. May *Batas Republika Bilang 7432* naman na ipinatutupad para makatanggap ng pribilehiyo sa mga restawran, pagbili ng gamot, pamasaha sa pampublikong sasakyan, at iba pa, ang matatandang mamamayan o mga *senior citizen*.

Pabahay

Sinisikap ng pamahalaan na mabigyan ng disenteng tirahan ang mga mamamayan lalo na yaong maliliit ang kita. Malaking tulong para sa mamamayan ang mga murang pabahay na ipinatatayo ng pamahalaan. Sa ating bansa lalo na sa Metro Manila, nagtayo ng mga pabahay ang pamahalaan at dito inilipat ang mga impormal na naninirahan.

May mga ahensiyang tumutulong sa proyektong pabahay ng pamahalaan. Nagkakaroon ng murang pabahay ang mga mamamayang maliit lamang ang kinikita o sahod sa tulong ng Government Service Insurance System (GSIS); Social Security System (SSS); Pagtutulongan sa Kinabukasan: Ikaw, Bangko, Industriya, at Gobyerno (PAG-IBIG Fund); at National Housing Authority (NHA).



<http://www.google.com.ph/imgres?imgurl=http%3A%2F%2Fwww.nha.gov.ph%2Fprograms%2Fimages>

Pagtulong sa mga Biktima ng Kalamidad

Nakararanas ang Pilipinas ng iba-ibang kalamidad tulad ng bagyo, baha, sunog, lindol, at pagputok ng bulkan.

Sa panahon ng mga sakuna, ang pangunahing ahensiyang nagtataguyod sa kapakanan ng mga mamamayan ay ang National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC). Sa pangunguna ng lokal na pamahalaan (local government units) ay ginagampanan nila ang kani-kanilang mga tungkulin habang nakikipag-ugnayan sa mga ahensiyang tulad ng DSWD, Metro Manila Development Authority (MMDA) at Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration (PAGASA).

Ang NDRRMC ang nagsisilbing tagapag-ugnay ng iba-ibang ahensiya ng pamahalaan o pribadong institusyon upang mabigyan agad ng tulong ang mga taong naapektuhan ng kalamidad.



https://www.google.com.ph/search?q=scenes+during+typhoon+Yolanda&es_sm=93&tbm=isch&imgil=search?q=larawan+ng+sunog+sa+pilipinas&es_sm=http://bmpm.abs-cbnnews.com/93&tbm=isch&imgil=tPPizXlxvSqTZM%253A%253B

Ang DSWD naman ay agarang nagbibigay ng tulong sa mga biktima ng kalamidad kabilang na ang pagkain, damit, at iba pang pangangailangan o serbisyo.



https://www.google.com.ph/search?q=scenes+https://www.google.com.ph/search?q=picturesduring+typhoon+Yolanda&es_sm=of+DSWD+people+helping+street+children&es_sm=93&tbm=isch&tbo=

Transportasyon at Komunikasyon



<http://www.google.com.ph/imgres?imghttp://www.google.com.ph/imgres?imgurl=http%3A%2F%2F1=http%3A%2F%2Fkickerdaily.com>

Pinauunlad din ng pamahalaan ang transportasyon at komunikasyon sa iba-ibang dako ng bansa upang maging mabilis ang pagluluwas ng mga produkto. Nagpapagawa ng mga daan, tulay, *underpass*, *overpass*, *skyway*, daang-bakal, at *tunnel* na nag-uugnay sa mga lalawigan at hiwa-hiwalay na pulo ng ating bansa. Pinalawak din ang mga kalsada o *nautical highway* upang mas maging mabilis ang pagbibiyaha at pagluluwas ng mga kalakal.

Pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Pagawaing-Bayan at Lansangan (*Department of Public Works and Highways, DPWH*) ang pagbubukas at paggawa ng mga daan at tulay.



www.lto.philippines.com

Ang *Land Transportation Office (LTO)* ang namamahala sa pagrerehistro ng mga sasakyan upang mapangalagaan ang buhay at kaligtasan ng mga mamamayan habang naglalakbay.

Malinis at Maayos na Pagkain

May mga ahensiya rin na sumusubaybay sa presyo at kalidad ng bilihing pagkain at gamot. Ito ay ang National Food Authority (NFA) at ang Bureau of Foods and Drugs (BFAD). Nagpatayo rin ng mga pamilihing bayan o palengke ang pamahalaan. Dito ipinagbibili ang mga pagkain at iba pang produkto na kailangan ng mga mamamayan. Tinitiyak ng mga inspektor sa mga palengkeng ito na ang mga itinitinda rito ay maayos at malinis, hindi magiging sanhi ng pagkakasakit, at may tamang halaga.



<http://www.google.com.ph/imgres?imgurl=http%3A%2F%2Fwww.manilatimes.net%2Fenginex%2Fwp->

Pagtulong sa mga Taong May Kapansanan

Ang National Council on Disability Affairs (NCDA) ang inatasan ng pamahalaan upang bumalangkas ng mga patakaran at makipag-ugnay sa mga gawain ng lahat ng mga ahensiya, publiko o pribado, tungkol sa mga isyu ng kapansanan at alalahanin. Gaya ng nabanggit, ang NCDA ay naatasan upang manguna sa mga programa para sa mga taong may mga kapansanan at maghatid ng mga serbisyo sa mga sektor.

Ang NCDA ay naatasan din upang subaybayan ang pagpapatupad ng ilang mga batas upang matiyak ang proteksiyon sa mga sibil at politikal na mga karapatan ng taong may kapansanan (*persons with disabilities*, PWDs) sa bisa ng *Republic Act*



<http://www.ncda.gov.ph/about/> #sthash.i1tecWqm.dpuf

No. 7277 (*Magna Carta for Disabled Persons*), Batas Pambansa Blg. 344 (*Accessibility Law*), Republic Act 6759 (*White Cane Act*), at ILO Convention No. 159 (*Vocational Rehabilitation of Persons with Disabilities*).



GAWIN MO

Gawain A

Magpangkat-pangkat. Gumawa ng makulay na poster na nagpapakita ng iba-ibang kalagayan ng pagtulong sa mga nasalanta ng kalamidad. Sa ibaba ng poster, isulat ang maikling pahayag tungkol dito.

1. bagyo – unang pangkat
2. lindol – ikalawang pangkat
3. sunog – ikatlong pangkat
4. baha – ikaapat na pangkat


Gawain B

Balikan at suriin ang mga proyekto at iba pang gawain ng pamahalaan na inilahad sa aralin. Itala ang mga ito at sabihin kung ano ang tungkuling ginagampanan ng pamahalaan ukol dito.

Proyekto o Iba pang Gawain ng Pamahalaan	Tungkuling Ginagampanan

Gawain C

Gumupit ng mga artikulo sa magasin o pahayagan ukol sa mga proyekto o programang isinasakatuparan ng pamahalaan. Idikit sa *bond paper* at gawing *clippings*. Sumulat ng maikling talata tungkol sa iyong reaksiyon dito.



Gawain D

Sumulat ng maikling talata tungkol sa iyong damdamin sa sitwasyon.

Isa ang Cavite sa mga nasalanta ng bagyong Glenda noong Hulyo 16, 2014. Maraming puno ang nabuwal at may mga kabahayang natangay ang bubong. Nasuspinde ang pasok sa mga opisina at ang klase sa mga eskuwelahan. Kinabukasan, nakita mong umiiyak ang iyong kaklase habang nagkukuwento ng mga pangyayari sa kaniyang pamilya noong kasagsagan ng bagyo. Bilang kamag-aaral, ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa kaniya?



TANDAAN MO

- Ang iba-ibang proyekto at programa ng pamahalaan ay itinaguyod para sa kaunlaran at pangangailangan ng bawat mamamayan.



NATUTUHAN KO

Sagutin:

1. Ano-anong ahensiya ng pamahalaan ang tumutulong sa sumusunod?
 - a. pagkakaroon ng disentang tirahan ng mga Pilipino
 - b. pagbibigay ng tulong para sa mga biktima ng kalamidad
 - c. pabahay
 - d. transportasyon at komunikasyon
 - e. malinis at maayos na pagkain
 - f. paglilingkod sa mga bata at matatanda
 - g. paglilingkod sa mga taong may kapansanan
2. Ano ang tinutukoy ng Batas Republika Bilang 7610?
3. Ano ang tinutukoy ng Batas Republika Bilang 7432?
4. Ano ang paglilingkod na ginagampanan ng mga inspektor sa palengke?
5. Magtala ng iba pang proyekto o paglilingkod na ginagawa ng pamahalaan sa inyong lugar na hindi nabanggit.

ARALIN 15

Pagtutulungan ng Pamahalaang Lokal at Iba pang Tagapaglingkod ng Pamayanan



PANIMULA

Alam mo ba kung paano naipatutupad nang maayos ang mga programa o proyekto sa inyong lugar? Ano sa palagay mo ang mangyayari kung ang inyong alkalde ay hindi makikipagtulungan sa inyong gobernador? Alam mo ba na magkaiba man ang antas ng kanilang kapangyarihan, lugar na kinalalagyan ng kanilang mga tanggapan, at iba-iba ang uri o paraan ng kanilang pamamahala ay maaari naman silang magtulungan para sa ikabubuti ng lahat? Paano kaya nila magagawa iyon?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Masusuri mo ang iba't ibang paraan ng pagtutulungan ng pamahalaang pambayan, pamahalaang panlalawigan at iba pang tagapaglikod ng bayan
2. Masusuri mo ang paraan ng pagtutulungan ng dalawang magkaibang antas ng pamahalaan
3. Makapagbibigay ka ng mga halimbawa o sitwasyong nagpapakita ng pagtutulungan ng pamahalaang panlalawigan at pamahalaang pambayan
4. Mapahalagahan mo ang mga pagtutulungang ito sa pamamagitan ng pagpapakita ng mabuting saloobin



ALAMIN MO

Sa loob ng mahabang panahon ng pamahalaang kolonyal, ang kapangyarihan ng pamahalaan ay hawak lamang ng sentral o pambansang pamahalaan. Dahil dito, may mga paglilingkod na hindi agarang naibibigay sa mga mamamayan lalo na iyong mga nakatira sa malalayong lugar ng bansa. Nagbunga ito ng mabagal na pag-unlad sa mga bahagi ng bansa na malayo sa

kinalalagyan ng pambansang pamahalaan kaya nagkaroon ng delegasyon ng kapangyarihan sa maliliit na yunit ng pamahalaan na kung tawagin ay pamahalaang lokal.

Sa pagkakatatag ng mga pamahalaang ito, nabuo ang pamahalaang panlalawigan at pamahalaang pambayan. Dahil dito napadadali ang pagsasakatuparan ng iba pang uri ng ugnayan bukod sa ugnayang politikal. Ilan sa mga ito ang ugnayang pang-edukasyon, panlipunan, at pangkabuhayan.

Tungkulin ng pamahalaang panlalawigan na kumilos para sa kaunlaran at pamamahala ng mga yunit na kaniyang nasasakupan. Tinatawag na Sangguniang Panlalawigan ang sangay ehekutibo nito. Gobernador ang namamahala sa kanila. Sa mga bayan at lungsod naman ay tinatawag itong Sangguniang Pambayan at Sangguniang Panlungsod. Katuwang sila ng alkalde sa pagpapatupad ng mga programa.

Nag-uugnayan ang mga alkalde ng bayan sa loob ng isang lalawigan sa pamumuno ng kanilang gobernador. Tinitiyak ng gobernador na bawat bayang kaniyang nasasakupan ay nakakatanggap ng pantay na serbisyo.

Bigyang-pansin natin ang isang halimbawang pagtutulongan ng pamahalaang panglalawigan at pamahalaang bayan sa Oriental Mindoro na lumabas sa isang lathalain.

“Balita: Pagpapaunlad ng mga barangay patuloy na itinataguyod sa Oriental Mindoro”

Calapan City (6 August)—Napakahalaga ng papel na ginagampanan ng mga barangay sa pag-unlad ng lalawigan kung kaya’t pinag-iibayo ng pamunuan ni Gobernador Arnan ang pagsusulong ng kagalingan ng mga mamamayan sa iba-ibang barangay sa lalawigan.

Noong Hulyo 22, naging panauhing pandangal si Gobernador Arnan sa *barangay assembly* ng Brgy. Balete sa bayan ng Gloria.

Naging tampok na gawain sa pagpupulong ang pagkakaloob ng gobernador ng Php500,000 *counterpart fund* para sa elektripikasyon

ng *Sitio Corehousing* sa barangay. Ang pagpapailaw sa nabanggit na sitio ay napakalaking tulong ayon kay Mayor Romeo Alvarez ng Gloria.

Ayon sa gobernador, ito ay naipaabot sa kaniyang kaalaman noong nakaraang taon, kaya siya bumisita sa barangay ay bilang pagtupad sa kaniyang pangako. Ayon sa kaniya, mapabibilis ang pagpapatupad ng magagandang proyekto at programa sa mga barangay kung matibay ang pagkakaisa at pagtutulungan ng Pamahalaang Panlalawigan, Pamahalaang Bayan at ng Pamahalaang Barangay. Kongkretong halimbawa ang nabanggit na programa kung saan nagkaloob din ng Php400,000 si Mayor Alvarez samantalang Php100,000 naman ang kay Kapitan Mosquera para mabuo ang halos Php1M gugugulin sa proyekto, ayon pa sa gobernador.

Tinanggap din ni Kapitan Mosquera mula sa gobernador ang Philhealth ID *cards* ng mga pamilyang benepisyaryo sa kanilang barangay.

Buong suporta at pagkilala sa mahusay na pagtutulungan ng Sangguniang Barangay at ng mamamayan ang pahatid ng kanilang Vice Mayor at *Board Members*.

Samantala, pinuntahan din ng gobernador ang ilang barangay sa bayan ng Naujan upang personal na maghatid ng programa ng Pamahalaang Panlalawigan at alamin ang kalagayan ng mga mamamayan dito. Nagkaloob siya ng *ID cards* para sa kanilang 238 pamilyang benepisyaryo ng libreng *health insurance* at dalawang yunit ng *computer* para sa Sangguniang Barangay.

Tinugon din ng gobernador ang kahilingan ng paaralang elementarya na magkaroon ng dagdag na guro sa ilalim ng programang PPSKA, mga *sports equipment* at *computer set*. Ipinangako rin niya na dudugtungan ang naipatapos nang *road concreting project* sa barangay.

Pasalamat ang paabot ng mga kapitan na kahit malawak ang responsibilidad ng kanilang gobernador ay hindi kailanman tumanggi sa mga kahilingan ng kanilang barangay.

(PIA) news.pia.gov.ph/index.php?article=741400467474

Sagutin:

1. Ano ang Sangguniang Panlalawigan? Sino-sino ang bumubuo rito?
2. Ano ang Sangguniang Pambayan? Sino-sino ang bumubuo rito?
3. Ano ang pagkakaiba sa antas ng kapangyarihan ng dalawang pamahalaan? Ipaliwanag.
4. Ano ang isang bahagi ng lathalain na pinakagusto mo sa mga ginawa ng Gobernador? Bakit?
5. Maliban sa mga nabanggit, ano pa ang mga paraan ng pagtutulungan ng mga pamahalaang lokal at iba pang tagapaglingkod ng pamayanan?



GAWIN MO

Gawain A

Punan ang hinihinging detalye sa tsart.

Sangguniang
Panlalawigan

Paraan ng
pagtutulungan sa
bayan

Sangguniang
Pambayan

Gawain B

Magtanong kung paano nagtutulungan ang Sangguniang Bayan at Sangguniang Barangay sa inyong lugar. Banggitin kung may mga proyekto o programang ipinatupad dahil sa kanilang mabuting ugnayan. Alamin kung kailan ito ginawa o ipinatupad. Nakabuti ba ito para sa lahat? Maghanda para sa pag-uulat sa klase.

Gawain C

Basahin ang sitwasyon at ibigay ang iyong opinyon tungkol dito.

Maraming lugar ang nasalanta ng bagyo. May mga bayan na halos mawalan ang buong barangay ng bahay dahil sa lakas ng hangin na dala ng bagyo.

Sa paglilibot ng gobernador ay nakita niya ang mga pangyayari ngunit, nang magpahatid ng tulong pinansiyal at *relief goods* ay mayroong mga hindi nabigyan lalo na ang mga nasa malalayong lugar. Ito ay dahil kulang sa pakikipag-ugnayan ang mga kinauukulan upang agarang maihatid ang mga produkto sa mamamayan.

Sa palagay mo, maiiwasan ba ang ganitong pangyayari? Ano sana ang dapat ginawa ng magkabilang panig? Paano ito maiiwasan? Ano ang mga dapat isaalang-alang?



TANDAAN MO

- Ang pamahalaang lokal ay binuo upang direktang magpatupad ng mga batas, programa, at serbisyo sa mga mamamayan.
- Higit na mapabibilis ang pagtugon sa pangangailangan kung magtutulungan ang mga pamahalaang lokal.



NATUTUHAN KO

Sagutin ang sumusunod:

1. Bakit binuo at paano nabuo ang pamahalaang lokal?
2. Sang-ayon ka ba sa pagbuo ng pamahalaang lokal? Bakit?
3. Magbigay ng isang halimbawa ng pagtutulungan ng inyong pamahalaang panlalawigan at pamahalaang pambayan o pambarangay.

DEPED COPY

Talahuluganan

A

ahensiya – sangay ng pribado at pampublikong tanggapan/opisina.

altitud – kataasan ng isang lugar.

arkipelago – tumutukoy sa pangkat ng mga pulo, tinatawag din itong kapuluan.

B

batid – alam.

bukal – anyong tubig na nagmumula sa ilalim ng lupa.

bulkan – mataas na bahaging lupa na may bunganga sa tuktok.

bundok – mataas na bahagi ng anyong lupa; pinakamataas na anyong lupa.

burol – mataas na lupa na mas mababa sa bundok; pabilog ang itaas nito.

C

climate change – hindi pangkaraniwang pangyayari sa kalikasan na maaaring makapagpabago sa komposisyon ng atmospera.

curfew – uri ng ordinansa na naglilimita ng oras ng pamamalagi sa labas ng lansangan.

D

dagat – bahagi ng karagatan.

dayuhan – banyaga/mga bagong dating sa lugar o bayan; tawag sa mga tao na hindi Pilipino o may ibang nasyonalidad.

delegasyon – pangkat ng mga delegado upang katawanin ang isang pangkat (na pampulitika o panlipunan) sa isang kalipunan o pagtitipon.

demographic map – mapang pampopulasyon.

Department of Environment and Natural Resources – isang ahensiya o departamento ng pamahalaan na nangangasiwa at nag-aalaga sa kapakanan ng kalikasan at mga likas yaman ng bansa.

di-materyal na kultura – ang mga kaugalian, tradisyon, panitikan, musika, sayaw, paniniwala at relihiyon, pamahalaan at hanapbuhay ay sumasaklaw sa di-materyal na kultura. Ang mga ito ay nagpasalin-salin sa iba't ibang panahon.

diskriminasyon – pagtatangi, di parehong pakikitungo.

dual citizenship – ang mga dating mamamayang Pilipino na naging mamamayan ng ibang bansa sa pamamagitan ng naturalisasyon ay muling naging mamamayang Pilipino.

E

ehekutibo – tagapagpaganap, tagapangasiwa.

eksplorasyon – pagsisiyasat sa mga pook o lugar na hindi pa alam, pagsasaliksik, pagtuklas.

epekto – naging bunga at sanhi ng mga pangyayari.

estero – bahagi ng bunganga ng ilog na tagpuan ng agos at dagat, kanal.

expatriation – Itinakwil ang kaniyang pagkamamamayan at nag-angkin ng pagkamamamayan ng ibang bansa.

G

global warming – lubhang pag-init ng atmospera dulot ng mga makabagong makinarya na ginagamit sa mga pabrika na nagbubuga ng mga usok na nagiging dahilan ng pagkasira ng *ozone layer*.

golpo – bahagi ng karagatan na karaniwang nasa bukana ng dagat.

H

hanging amihan – malamig na hanging buhat sa hilagang-silangan.

hanging habagat – hanging mainit buhat sa timog-kanluran.

hanging monsoon – paiba-ibang direksiyon ng ihip ng hangin batay sa kung saang lokasyon mas mainit o malamig.

hazard map – mapang nagpapakita ng mga lugar na may panganib sa kalamidad tulad ng lindol, bagyo, baha, *tsunami*, pagguho ng lupa.

I

illegal logging – bawal at walang habas na pagputol ng mga puno

ilog – mahaba at paliko-likong anyong tubig na tumutuloy sa dagat.

impluwensiya – pagtulad o paggaya sa mga bagay o gawi ng mga dayuhan.

industriyalisasyon – pagbabago at pag-unlad ng lugar at kapaligiran.

informal settler – sinumang naninirahan sa isang bahay o pook nang walang pahintulot o hindi niya dapat tirhan.

irigasyon – pagpapalabas ng tubig sa mga lupaing taniman sa pamamagitan ng mga ginawang kanal o patubig.

J

Jus sanguinis – pagkamamamayan na naaayon sa dugo o pagkamamamayan ng kaniyang mga magulang o isa man sa kanila.

Jus soli – pagkamamamayan na naaayon sa lugar ng kaniyang kapanganakan anuman ang pagkamamamayan ng kaniyang mga magulang.

K

kakayahan – taglay na abilidad o kagalingan sa pamumuno.

kalakal – bagay na ibinibenta, ipinapalit, at iniluluwas sa loob at labas ng bansa.

kalamidad – kapahamakan.

kapaligiran – kabuuan ng mga kondisyon na pumapaligid at nakaiimpluwensiya sa isang organismo (Agno).

apatagan – malawak at patag na lupang sakahan; malawak na lupain na patag at mababa.

kapayapaan – pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan ng bansa.

karagatan – pinakamalalim, pinakamalawak, at pinakamalaki sa lahat ng anyong tubig.

karapatan – anumang bagay o mga paglilingkod na tinatamasa dapat tamasahin ng isang tao na naaayon sa batas; mga kapakinabangan o pribilehiyo na tinatamasa ng bawat kasapi.

karapatan ng nasasakdal – Ito ang mga karapatang nangangalaga sa nasasakdal sa anumang kasalanan upang mabigyan ang mga ito ng makatarungang paglilitis.

karapatang politikal – Ito ay mga karapatang nauukol sa ugnayan ng mamamayan sa pamahalaan.

karapatang panlipunan at pangkabuhayan – Ito ay mga karapatang nakatutulong sa pangangalaga ng kapakanan at kabuhayan ng mga mamamayan.

karapatang sibil – mga karapatang nauukol sa pagtamasa ng mga mamamayan ng kapayapaan at kaligayahan sa buhay.

kipot – makipot na anyong tubig na nagdurugtong sa dalawang malaking anyong tubig.

komentaryo – paglalahad ng kuro-kuro, puna, o opinyon.

kooperatiba – samahang pangkalakal na itinatag ng lima o higit pang kasapi na ginagamitan ng puhunan ng bawat kasapi at nagbabalik ng tubo sa puhunan o pinamili.

kultura – paraan ng pamumuhay ng isang pangkat ng mga tao sa isang lugar; nagbibigay ng pagkakakilanlan ng isang mamamayan.

L

lambak – patag na lupa sa pagitan ng mga bundok.

lawa – anyong tubig na halos napapaligiran ng lupa.

libelo – paninirang-puri.

likas kayang pag-unlad – pagtungo sa pangangailangan at aspirasyon ng mga tao nang hindi kinukompormiso ang abilidad ng susunod na henerasyon na makamit ang kanilang pangangailangan.

likas na karapatan – karapatang ipinagkaloob ng Diyos sa tao upang makapamuhay nang matiwasay at maligaya.

likas na yaman – mga pananim, hayop, halaman, at iba pang pinagkukunang yaman na makikita sa mga anyong-lupa at anyong-tubig.

lipunan – binubuo ng iba't ibang kasapi.

liriko – pagpapahayag ng damdamin at emosyon.

lisensiya – kapahintulutan o laya sa paggawa ng anuman na nakukuha sa mga awtoridad upang maisagawa ang isang negosyo, propesyon, o iba pang gawain.

look – bahagi ng dagat na nakapasok sa baybayin nito.

M

magsasaka – isang taong nagsasaka sa bukid o bahagi ng anyong lupa.

makabuluhan – may saysay.

mangingisda – isang taong nangingisda sa mga bahagi ng anyong tubig.

mapagkawanggawa – matulungin sa kapuwa/walang pinipiling tutulungan.

maritime – insular; tumutukoy sa mga katubigang nakapaligid sa isang bansa.

masusi – matagal na pinag-iisipan ang mga plano o mga gagawin.

materyal na kultura – kinabibilangan ng mga bagay na pisikal o nakikita tulad ng pagkain, kauotan, tirahan, alahas, gusali, at mga kasangkapan.

medical mission – pangkat ng mga doktor, nars at iba pang *volunteer* na sama-samang naglunsad ng tulong medikal lalo sa mahihirap na mamamayan.

minimithi – pinapangarap na maabot at mapagtagumpayan.

modernisasyon – pagkamakabago.

mouse deer – pilandok.

mungkahi – isang pag-aanyaya sa taong gusto mong magkaroon ng isang mabuti at tamang gawain.

N

nasasakdal – inirereklamo.

natatangi – naiiba, nabubukod, o pambihira.

naturalisadong mamamayan – mga dayuhan na naging mamamayang Pilipino dahil sa proseso ng naturalisasyon.

naturalisasyon – ay isang legal na paraan kung saan ang isang dayuhan na nais maging mamamayan ng isang bansa ay sasailalim sa isang proseso sa korte o hukuman.

negosyante – nagbebenta ng iba-ibang produkto o serbisyo.

P

Pacific Ring of Fire – lugar o bahagi ng Karagatang Pasipiko kung saan nakalatag ang mga aktibong bulkan; kilala rin sa tawag na *Circum-Pacific Belt*.

pag-aangkat – pagbili ng produkto mula sa ibang bansa.

Philippine Atmospheric, Geophysical, Astronomical and Scientific Administration (PAGASA) – ahensiya ng pamahalaan na nangangasiwa sa mga paparating na bagyo at iba pang kondisyon o kalagayan ng panahon.

pagbaha at pagguho ng lupa – epekto ng pagpuputol ng mga malalaking punongkahoy lalo sa kabundukan.

pagkakaingin – paglilinis o paghahawan ng bahagi ng gubat o bundok sa pamamagitan ng pagsunog.

pagkakakilanlan – isang proseso ng pagyari at pagbibigay-kahulugan na nagmumula sa kagustuhang mapaiba.

pagkamamamayan – pagiging kasapi o miyembro ng isang bansa ayon sa itinatakda ng batas.

pagpupuslit – lihim na pagpapasok o paglabas ng mga produkto sa bansa.

pagsulong – pag-unlad.

pamanang pook – mga antigong estruktura at kagamitan.

pananagutan – dapat gawin ng isang sektor o tao para sa kaniyang sarili at para sa kaniyang bayan.

pandaka pygmaea – tabios; isa sa pinakamaliit na isda sa buong mundo.

pangkat etniko – grupo ng mga tao na may iisa at sariling kultura na tatak ng kanilang pagkakakilanlan.

payapa – tahimik.

Philippine eagle – agila na kulay tsokolate at abo; matatagpuan sa Pilipinas.

PHIVOLCS – ahensya ng pamahalaan na namamahala sa mga pagkilos ng mga bulkan sa bansa.

pigeon luzon heart – kalapating may kulay pulang hugis puso sa may dibdib nito.

polusyon – pagdumi ng hangin, tubig, o kapaligiran dahil sa maling paggamit o pag-aabuso ng mga likas na yaman.

populasyon – tumutukoy sa bilang ng mga taong naninirahan sa isang tiyak na lugar.

produkto – bagay na ipinoprodyus o nililikha ng kalikasan, industriya o sining (Agno).

R

recycle – muling paggamit ng mga luma o patapong bagay upang mapakinabangan pa.

reduce – pagbabawas ng mga basura sa paligid.

rehabilitasyon – pagbabagong-tatag, pagbabagong-buhay.

responsibilidad – tungkuling nakaatang sa isang tao o pangkat.

reuse – muling paggamit o pagkumpuni sa mga patapong bagay na maaari pang pakinabangan.

S

sagisag – nagbibigay ng kahulugan sa mga natatanging mga pananda; simbolo.

Saluag Island – pinakadulong pulo sa gawing timog ng bansa.

sanitasyon – kalinisan, kalusugan.

sariling produkto – mga bagay o kalakal na gawa sa sariling bansa.

seguridad – proteksiyon.

simbolo – panandang nakikita sa pamamagitan ng paglalarawan.

storm surge – hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan dulot ng malakas na hanging dala ng bagyo.

T

talampas – patag na lupa sa ibabaw o itaas ng bundok.

talon – tubig na umaagos mula sa mataas na lugar.

tarsier – mamag; matatagpuan sa Bohol.

teknikal – may kinalaman sa tama o tiyak na bahagi ng anumang sining o siyensiya.

temperatura – nararanasang init o lamig sa isang lugar.

tradisyon – kaugalian na naipapasa sa salit-saling lahi.

tsanel – anyong tubig na nagdurugtong sa dalawang malaking katawan ng tubig.

tsunami – di pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat sa normal nitong lebel bunga ng paglindol.

tungkulin – mga gawain o mga bagay na dapat isagawa ng isang tao o mamamayan.

Y

Y'ami Island – pinakadulong pulo sa gawing hilaga ng bansa.